# Bay REPAIR (Muling Pamumuhunan ng Mga Multa para sa Pagpapabuti ng Hangin at Katatagan)

# Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad

## Mga Alituntunin sa Round 1

Distrito ng Hangin ng Bay Area
Enero 14, 2026

Ang opisyal na bersyon ng dokumentong ito ay ang bersiyong Ingles.

Pakibasa ang buong dokumentong ito bago punan ang aplikasyon. Hindi tatanggapin ang mga hindi kumpletong aplikasyon. Nakalaan sa Air District ang karapatan na baguhin ang solisitasyong ito ayon sa sarili nitong kapasyahan.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa programa ng gawad o proseso ng aplikasyon, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Pamumuhunan ng Komunidad ng Distrito ng Hangin sa communityinvestments@baaqmd.gov.

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


SEKSYON 1: BUOD ..... 4

SEKSYON 2: IMPORMASYON NG PROGRAMA ..... 5

2.1 Background ..... 5

2.2 Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ..... 7

SEKSYON 3: MGA URI NG GAWAD ..... 7

3.1 Mga Seed Grant ..... 7

3.2 Mga Opportunity Grant ..... 8

3.3 Mga Catalyst Grant ..... 9

SEKSYON 4: MGA KWALIPIKADONG APPLICANT ..... 9

4.1 Istruktura ng Partnership ..... 9

4.2 Mga Kwalipikadong Lead Applicant ..... 11

4.3 Mga Kwalipikadong Co-Applicant ..... 12

4.4 Mga Hindi Kwalipikadong Applicant ..... 12

4.5 Mga Kwalipikadong Komunidad ..... 12

SEKSYON 5: MGA PANGANGAILANGAN NG KOMUNIDAD ..... 13

5.1 Epekto sa Komunidad ..... 13

5.2 Paglahok ng Komunidad ..... 13

SEKSYON 6: MGA ESTRATEHIYA ..... 14

6.1 Mabawasan ang Polusyon sa Hangin at Mapabuti ang Kalusugan ng Mga Tao ..... 14

6.2 Magbigay ng Katatagan sa Ekonomiya para sa Makatarungang Transisyon ..... 15

SEKSYON 7: PLANO PARA SA MGA NASUSUKAT NA RESULTA ..... 16

7.1 Mga Nasusukat na Resulta at Indicator ..... 16

7.2 Mga Milestone ..... 17

SEKSYON 8: MGA KWALIPIKADONG GASTOS ..... 17

8.1 Mga Kwalipikadong Gastos ..... 17

8.2 Mga Hindi Kwalipikadong Gastos ..... 19

SEKSYON 9: MGA KINAKAILANGAN SA KAHANDAAN ..... 19

9.1 Kapasidad sa Pamamahala ..... 19

9.2 Pinansyal na Kakayahan ..... 20

9.3 Mga Pag-apruba at Pag-ayon ..... 20

SEKSYON 10: PAGSUSUMITE NG APLIKASYON ..... 21

10.1 Teknikal na Tulong ..... 21
10.2 Proseso ng Aplikasyon ..... 21
SEKSYON 11: PAGSUSURI NG APLIKASYON ..... 22
11.1 Pagsusuri sa Pagiging Kwalipikado ..... 22
11.2 Pagmamarka ng Aplikasyon ..... 24
11.3 Mga Pamantayan sa Pagmamarka ..... 24
11.4 Mga Rekomendasyon sa Pagpopondo ..... 25
11.5 Pagpili at Pagkakaloob ng Gawad ..... 25
SEKSYON 12: MGA PAGKAKALOOB NG GAWAD ..... 26
12.1 Kasunduan sa Gawad at Pangangasiwa ..... 26
12.2 Pag-disburse at Pag-uulat ..... 26
APPENDIX A: TUNGKOL SA DISTRITO NG HANGIN ..... 29
APPENDIX B: MGA KAHULUGAN ..... 31
APPENDIX C: MGA HALIMBAWA NG MGA KWALIPIKADONG PROYEKTO ..... 36
APPENDIX D: PAG-MAXIMIZE NG MGA RESULTA ..... 41
APPENDIX E: MGA MAPAGKUKUNAN ..... 42

## SEKSYON 1: BUOD

| Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad | |
|---|---|
| **Mga Layunin ng Programa** | Ang Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ay namamahagi ng pondo mula sa Patakaran sa Pondo mula sa Multa para sa mga Benepisyo ng Komunidad ng Distrito ng Hangin at iba pang pondo mula sa mga aksiyon sa pagpapatupad. Ang Mga Layunin ng Programa ay:<br>• Mabawasan ang polusyon sa hangin o mapagaan ang mga epekto nito, mapabuti ang pampublikong kalusugan, at mapatatag ang ekonomiya para sa isang makatarungang paglipat mula sa mapaminsalang epekto ng ekonomiyang nakadepende sa fossil fuel<br>• Maisulong ang pinagsama-samang mga proyekto para holistikong matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad<br>• Mapaigting ang mga solusyong pinangungunahan ng komunidad at sama-samang isinasagawa |
| **Mga Uri ng Gawad** | • **Pinopondohan ng mga Seed Grant** ang mas maliliit na proyekto sa pagitan ng $100,000 - $200,000 na pinangungunahan ng mga non-profit<br>• **Pinopondohan ng mga Opportunity Grant** ang kolaborasyon ng maraming stakeholder sa isang proyekto o maraming proyekto. Ang laki ng gawad ay nasa pagitan ng $500,000 - $5 milyon.<br>• **Pinopondohan ng mga Catalyst Grant** ang kolaborasyon ng maraming stakeholder sa maraming proyekto. Ang laki ng grant ay nasa pagitan ng $10 - $40 milyon; tingnan ang mga dokumento ng Panawagan para sa Proyekto para sa mga karagdagang detalye. |
| **Pagiging Kwalipikado** | Nilalayon ng Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad na palakasin ang mga solusyong pinangungunahan ng komunidad at sama-samang isinasagawa. Para sa Opportunity Grant at Catalyst Grant, ang mga Lead Applicant ay dapat na may kasosyong (mga) Co-Applicant para makapagpatupad ng mga proyekto.<br><br>Kabilang sa mga Kwalipikadong Lead Applicant ang mga entity tulad ng karamihan sa mga non-profit na organisasyon, mga lokal na ahensiya ng gobyerno, mga lungsod, mga county, mga paaralan, mga unyon at California Native American Tribes. |
| **Mga Estratehiya** | Dapat maisulong ng lahat ng proyekto ang isa sa mga estratehiya sa ibaba:<br>• Mabawasan ang polusyon sa hangin at mapabuti ang kalusugan ng mga tao<br>• Magbigay ng katatagan sa ekonomiya para sa makatarungang transisyon |
| **Mga Proyekto** | Kabilang sa mga kwalipikadong proyekto ang, ngunit hindi limitado sa mga pagpapabuti sa kalidad ng indoor na hangin, pagiging matipid sa paggamit ng enerhiya, pagsubaybay sa polusyon sa hangin, mga estratehiya sa pagbawas sa mga emisyon at pagkakalantad, mga estratehiya sa pampublikong kalusugan, at mga estratehiya sa makatarungang transisyon. |

| | |
|---|---|
| **Inaasahang Timeline** | • **Simula Enero 29, 2026 pa lang***: Magbubukas ang Aplikasyon para sa Gawad<br>• **Mayo 1, 2026:** Deadline ng Aplikasyon para sa Gawad<br>• **Tag-init - Taglagas 2026:** Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang mga rekomendasyon sa gawad<br>• **Huling bahagi ng 2026:** Natapos ang mga Kasunduan sa Gawad at Sinimulan ng Mga Nagawaran ang trabaho<br><br>*Ang iskedyul na ito ay pansamantala at nakadepende sa pag-apruba ng Lupon ng mga Direktor sa pinal na Mga Alituntunin. Ang anumang update sa timeline na ito ay ia-update sa website ng Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad. |

## SEKSYON 2: IMPORMASYON NG PROGRAMA

### 2.1 Background

**Patakaran sa Pondo mula sa Multa para sa mga Benepisyo ng Komunidad**
Noong Mayo 2024, itinakda ng Distrito ng Hangin ang Patakaran sa Pondo mula sa Multa para sa mga Benepisyo ng Komunidad para direktang suportahan ang mga komunidad na matinding naapektuhan ng polusyon sa hangin. Kapag natasa na ang mga multa para sa mga entity na lumalabag sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin, nagbibigay-daan ang patakarang ito na maipuhunan ulit ang pondo mula sa multa nang direkta sa mga komunidad sa pamamagitan ng mga proyektong malaki ang magiging epekto. Ang ilang pasilidad ay nangangako rin na magbibigay ng pondo para sa pagpapagaan ng epekto para mapabuti ang kalidad ng hangin sa mga komunidad na apektado ng mga paglabag ng mga ito.

Ang pagpopondo mula sa Patakaran sa Pondo mula sa Multa para sa mga Benepisyo ng Komunidad ay pinapangasiwaan sa pamamagitan ng programang Bay REPAIR (Reinvesting Penalties for Air Improvement and Resilience). Ang Patakaran sa Pondo mula sa Multa para sa mga Benepisyo ng Komunidad ay may kasamang formula sa pagpopondo: pagkatapos matugunan ang paunang itinakdang threshold at hatian para sa mga partikular na halaga ng multa, 80% ng pondo ay inilalaan sa Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad, at 20% sa Pondo para sa mga Benepisyo ng Komunidad ng Rehiyon.

- Ang Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ay itinakda para mabawasan ang polusyon sa hangin, mapagaan ang mga epekto ng polusyon sa hangin, at mapabuti ang kalusugan ng mga tao sa mga partikular na komunidad na naapektuhan ng mga paglabag kaugnay ng kalidad ng hangin na nagresulta sa multa.

    - Ang dokumentong ito ng Mga Alituntunin ay nakatuon sa Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad.
- Ang Pondo para sa mga Benepisyo ng Komunidad ng Rehiyon ay itinakda para mabawasan ang polusyon sa hangin, mapagaan ang mga epekto ng polusyon sa hangin, at mapabuti ang kalusugan ng mga tao sa mga komunidad na nasa hurisdiksyon ng Distrito ng Hangin. Ang mga programa sa hinaharap ay maglalaan ng pondo mula sa Pondo para sa mga Benepisyo ng Komunidad ng Rehiyon.

**Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad**
Noong Disyembre 2024, itinatag ng Distrito ng Hangin ang Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad (Community Investments Office, CIO) para bumuo at mamahala ng mga iniangkop na programa para sa mga stream ng pagpopondo na nakuha mula sa mga multa at iba pang pondo. Ang CIO ang nangangasiwa sa programang Bay REPAIR, na namamahagi ng pondo mula sa Patakaran sa Pondo mula sa Multa para sa mga Benepisyo ng Komunidad at iba pang pondo mula sa mga aksiyon sa pagpapatupad. Ibinabalik ng CIO ang mga mapagkukunang ito sa mga komunidad kung saan naganap ang mga paglabag para mapabuti ang kalusugan at kalidad ng hangin ng komunidad.

Tinukoy ng CIO ang mga sumusunod na layunin para magabayan ang pangkalahatang operasyon nito at matiyak na ang pondo mula sa mga aksiyon sa pagpapatupad ay direktang ikinakikinabang ng mga komunidad na apektado ng polusyon sa hangin:
- Direktang pagpopondo sa mga proyektong nagpapabuti sa kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan sa mga lugar na matinding naapektuhan ng polusyon sa hangin.
- Paramihin ang patas na pag-access sa mga mapagkukunan, proyekto, at programa.
- Makipagtulungan sa mga apektadong komunidad para matukoy at maisapriyoridad ang mga pangangailangan at solusyon na may kaugnayan sa kalidad ng hangin.
- Tiyakin na ang mga pamumuhunan ay naaayon sa mga pangangailangan ng komunidad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga lokal na pinuno, mga non-profit, mga negosyo, at mga miyembro ng komunidad.
- Magbigay ng napapanahon, malinaw, at accessible na pampublikong impormasyon tungkol sa mga pagtatasa ng multa at availability ng pondo.

Bilang isang bagong tanggapan, itinatayo ng Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad ang mga internal na operasyon nito at kasalukuyang limitado sa kakayahan nitong pangasiwaan ang maraming maliit na gawad.

## 2.2 Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad

Ipinupuhunang muli ng Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ang mga multa at pondo para sa pagpapapagaan sa mga partikular na komunidad na apektado ng mga paglabag sa kalidad ng hangin na may kaugnayan sa pondong iyon. Ang Mga Layunin ng Programang Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ay:

- Mabawasan ang polusyon sa hangin o mapagaan ang mga epekto nito, mapabuti ang pampublikong kalusugan, at mapatatag ang ekonomiya para sa isang makatarungang paglipat mula sa mapaminsalang epekto ng ekonomiyang nakadepende sa fossil fuel;
- Maisulong ang pinagsama-samang mga proyekto para holistikong matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad; at
- Mapaigting ang mga solusyong pinangungunahan ng komunidad at sama-samang isinasagawa.

Sa pangkalahatan, ang pondong nagmumula sa mga multa ay maaaring gamitin para sa mga proyektong magsusulong ng alinman sa mga layuning ito. Ang pondong nagmumula sa mga pagbabayad para sa pagpapapagaan ay posibleng mas limitado, depende sa mga tuntunin kung saan napapailalim ang mga pagbabayad na iyon para sa pagpapapagaan (hal., ang Pondo para sa Kalidad ng Hangin sa Komunidad ng Richmond).

# SEKSYON 3: MGA URI NG GAWAD

Ang mga gawad mula sa Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ay nahahati sa tatlong uri ng gawad. Ilalabas ang Mga Panawagan para sa mga Proyekto para sa mga partikular na komunidad kapag available na ang pondo. Sumangguni sa mga dokumento ng Panawagan para sa mga Proyekto para sa mga partikular na detalye.

## 3.1 Mga Seed Grant

- Ang Mga Seed Grant ay nagpopondo ng mas maliliit na proyekto na pinangungunahan ng mga non-profit na organisasyon. Isasapriyoridad ang mga aplikasyon mula sa mga entity na walang sapat na kakayahan sa pamamahala o pinansyal na kakayahan para mag-apply para sa isang Opportunity Grant o Catalyst Grant.
- Bukas lang sa 501(c)(3) mga non-profit na organisasyon. Walang kinakailangan para sa Co-Applicant.
- Ang laki ng gawad ay nasa pagitan ng $100,000 - $200,000. Maaaring tukuyin ng mga applicant ang hihilinging halaga ng tulong pinansyal na pinakaangkop sa kanilang mga pangangailangan sa range na ito. Ang hihilinging halaga ng gawad sa bawat taon ay hindi dapat lampas sa 100% ng iyong taunang badyet.
- Ang mga termino ng gawad ay hanggang dalawang taon. Maaaring tukuyin ng mga applicant ang termino ng gawad na pinakaangkop sa kanilang mga

pangangailangan at kapasidad sa pamamahala ng gawad sa range na ito, sa taunang mga pagitan (hal., isang taon, dalawang taon).
- Iba-iba ang mga kwalipikadong komunidad; tingnan ang mga dokumento ng Panawagan para sa Mga Proyekto.

## 3.2 Mga Opportunity Grant

- Pinopondohan ng mga Opportunity Grant ang kolaborasyon ng maraming stakeholder sa isang proyekto.
- Ang Lead Applicant ay dapat may kasosyong kahit isang Co-Applicant lang.
- Ang laki ng gawad ay nasa pagitan ng $500,000 - $5 milyon. Maaaring tukuyin ng mga applicant ang hihilinging halaga ng tulong pinansyal na pinakaangkop sa kanilang mga pangangailangan sa range na ito. Ang hihilinging halaga ng gawad sa bawat taon ay hindi dapat lampas sa 100% ng taunang badyet ng sinumang applicant.
- Ang mga termino ng gawad ay hanggang tatlong taon. Maaaring tukuyin ng mga applicant ang termino ng gawad na pinakaangkop sa kanilang mga pangangailangan at kapasidad sa pamamahala ng gawad sa range na ito, sa taunang mga pagitan (hal., isang taon, dalawang taon).
- Iba-iba ang mga kwalipikadong komunidad; tingnan ang mga dokumento ng Panawagan para sa Mga Proyekto.

<u>Mga Opportunity Grant: Mga Aplikasyon para sa Muling Pagbibigay ng Gawad</u>

- Ang mga aplikasyon para sa Opportunity Grant ay maaaring magmungkahi ng muling pagbibigay ng pondo sa iba pang entity, partikular sa mas maliliit na entity na may mas mababang kapasidad.
- Ang mga naturang mungkahi sa muling pagbibigay ng gawad ay hindi sakop ng kinakailangan para sa Co-Applicant.
- Ang muling pagbibigay ng gawad ay dapat sumunod at isagawa alinsunod sa Mga Alituntuning ito, pati na rin sa Plano para sa mga Nasusukat na Resulta at mga kinakailangan sa pag-uulat
- Dapat maipakita ng mga applicant ang pangkalahatang kapasidad sa pamamahala na sapat para mapangasiwaan ang isang proseso ng muling pagbibigay ng gawad, at hihilingin na talakayin ito sa kanilang aplikasyon.
- Kung magagawaran, ang Tatanggap ng Gawad ay dapat magsumite sa Distrito ng Hangin ng anumang pamantayan para sa muling pagbibigay ng gawad. Dapat aprubahan ng Distrito ng Hangin ang anumang naturang pamantayan bago maialok ang mga kahilingan para sa mga mungkahi.

### 3.3 Mga Catalyst Grant

- Pinopondohan ng Mga Catalyst Grant ang kolaborasyon ng maraming stakeholder sa maraming proyekto. Dapat pagsamahin ng mga applicant ang maraming proyekto na holistikong tumutugon sa maraming pangangailangan ng komunidad at naghahatid ng mga tangible na benepisyo.
- Ang Lead Applicant ay dapat na may kasosyong maraming Co-Applicant.
- Ang laki ng gawad ay nasa pagitan ng $10 - $40 milyon, tingnan ang mga dokumento ng Panawagan para sa Mga Proyekto para sa higit pang detalye. Maaaring tukuyin ng mga applicant ang hihilinging halaga ng tulong pinansyal na pinakaangkop sa kanilang mga pangangailangan sa range na ito. Ang hihilinging halaga ng gawad sa bawat taon ay hindi dapat lampas sa 100% ng taunang badyet ng sinumang applicant.
- Ang mga termino ng gawad ay hanggang limang taon. Maaaring tukuyin ng mga applicant ang termino ng gawad na pinakaangkop sa kanilang mga pangangailangan at kapasidad sa pamamahala ng gawad sa range na ito, sa taunang mga pagitan (hal., isang taon, dalawang taon).
- Iba-iba ang mga kwalipikadong komunidad; tingnan ang mga dokumento ng Panawagan para sa Mga Proyekto.

Sa lahat ng tatlong uri ng gawad, maaaring magmungkahi ang mga applicant ng pinaghalong mga aktibidad sa pagpaplano, pagbuo ng kapasidad, at pagpapatupad na kinakailangan para makamit ang mga nasusukat na resulta. Maaari ring magmungkahi ang mga applicant ng pinaghalong pinapalawig, pinapalawak, at binubuong mga bagong proyekto. Tandaan na sa kabuuan, ang Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ay nakatuon sa pagpopondo ng pinagsama-sama at mas malalaking gawad na may maraming proyekto na nagreresulta sa mga mas agarang benepisyo sa komunidad.

## SEKSYON 4: MGA KWALIPIKADONG APPLICANT

### 4.1 Istruktura ng Partnership

Nilalayon ng Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad na palakasin ang mga solusyong pinangungunahan ng komunidad at sama-samang isinasagawa. Ang matagumpay na pagpapatupad ng mga kumplikadong proyekto na tumutugon sa maraming pangangailangan ng komunidad ay nangangailangan ng mga matatag na partnership. Dapat magtulungan ang mga kasosyo sa iba't ibang sektor, kung kinakailangan, para sistematikong matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng komunidad:

Para sa mga Opportunity Grant at Catalyst Grant, ang mga Lead Applicant ay dapat na may kasosyong (mga) Co-Applicant para maisakatuparan ang kanilang mga aktibidad sa gawad at mga deliverable.

- Mga Opportunity Grant: Ang Lead Applicant ay dapat na may kasosyong kahit isang Co-Applicant lang. Dapat magtulungan ang mga kasosyo sa iisang proyekto para matiyak ang matatag at nakabatay sa komunidad na mga resulta ng pagpapatupad.
- Mga Catalyst Grant: Ang Lead Applicant ay dapat na may kasosyong maraming Co-Applicant. Dapat magtulungan ang mga kasosyo sa isang aplikasyon na kinabibilangan ng maraming koordinadong proyekto para matugunan ang magkakaibang pangangailangan ng komunidad.

Ang lahat ng kasosyo ay dapat mayroong malinaw na tinukoy na saklaw ng trabaho, magbigay ng malaking kontribusyon sa pagpapatupad at mga resulta ng proyekto, at makatanggap ng mga alokasyon ng badyet na naaayon sa saklaw ng trabaho nila. Hindi bababa sa 25% ng kabuuang badyet ang dapat ilaan sa (mga) Co-Applicant para sa Opportunity Grant at Catalyst Grant, na naaayon sa saklaw ng proyekto nila.

Ang priyoridad sa pagmamarka ay ibibigay sa mga aplikasyon na nagpapakita ng mga matatag na partnership sa maraming stakeholder na nakaugat sa mga priyoridad at pamumuno ng komunidad, at tumutukoy sa malinaw at makabuluhang mga istruktura ng co-management.

Ang Pangunahing Applicant ay mamamahala ng mga sub-award sa (mga) Co-Applicant para maipatupad ang mga aktibidad sa proyekto at dapat na may kakayahang makipagkolaborasyon sa maraming entity. Ang Lead Applicant ang magiging responsable sa pangkalahatang pagganap ng gawad, mga deliverable ng proyekto, pag-uulat, at pinansyal na pamamahala ng gawad.

Ang mga napagkalooban ng Opportunity Grant at Catalyst Grant ay bubuo ng Kasunduan sa Partnership para mapamahalaan ang pagpapatupad ng gawad. Pagkatapos ng mga pagkakaloob ng gawad, ang Distrito ng Hangin ay magbibigay ng gabay sa Kasunduan sa Partnership at ang Tatanggap ng Gawad dapat magsumite ng isang napirmahang Kasunduan sa Partnership na nilagdaan ng lahat ng panig. Inilalarawan ng Kasunduan sa Partnership ang pamamahala at mga pinansyal na ugnayan sa pagitan ng Lead Applicant at ng (mga) Co-Applicant, kabilang ang mga sumusunod na item:

- Pagkakakilanlan ng Tatanggap ng Gawad / Lead Applicant.
- Pagkakakilanlan ng mga kasosyo / (mga) Co-Applicant.
- Pagtukoy sa mga tungkulin at responsibilidad ng Lead Applicant at (mga) Co-Applicant para sa mga aktibidad ng proyekto.

- Mga legal at pinansyal na konsiderasyon: kabilang ang prosesong gagamitin ng Tatanggap ng Gawad para maipasa ang mga bayad o mabayaran ang (mga) Co-Applicant at/o magbigay ng paunang bayad sa (mga) Co-Applicant
- Mga malinaw na proseso ng paggawa ng desisyon.
- Kung ang mga Tribo ay kasama bilang mga Lead Applicant o (mga) Co-Applicant, ang soberanong katayuan ng mga Tribo ay dapat igalang at panindigan sa pamamagitan ng pagbuo ng Istruktura ng Partnership. Dapat na nakalista sa Istruktura ng Partnership ang mga hakbang na isasagawa para maprotektahan ang kumpidensyalidad ng Tribo at Tradisyonal na Kaalaman sa Ekolohiya na nakolekta o ibinahagi bilang bahagi ng mga aktibidad sa gawad.

### 4.2 Mga Kwalipikadong Lead Applicant

Kabilang sa mga entity na kwalipikadong mag-apply bilang mga Lead Applicant ang:

- Mga non-profit na organisasyon na may kasalukuyang katayuang hindi nagbabayad ng buwis sa ilalim ng Seksyon 501(c)(3) ng pederal na Kodigo sa Rentas Internas, kabilang ang mga organisasyong nakabase sa komunidad, mga organisasyon at pundasyong pilantropo, mga organisasyong nakabase sa pananampalataya, at mga institusyong pinansyal para sa pagpapaunlad ng komunidad.
- Mga ahensiya ng lokal na gobyerno, kabilang ang mga lungsod, county, joint powers authority, mga espesyal na distrito, mga konseho ng mga gobyerno, at iba pang mga pampublikong ahensiya.
- Mga pampublikong paaralan, mga distrito ng paaralan, mga pampublikong unibersidad at kolehiyo.
- Mga unyon na may kasalukuyang katayuang hindi nagbabayad ng buwis sa ilalim ng Seksyon 501(c)(5) ng pederal na Kodigo sa Rentas Internas.
- Mga Tribo ng Katutubong Amerikano sa California. Para sa mga layunin ng gawad na ito, kabilang dito ang lahat ng Tribong Kinikilala ng Pederal sa pinakahuling abiso ng Pederal na rehistro, o isang hindi kinikilala ng pederal na gobyerno ng Tribo sa California sa Listahan ng Konsultasyon ng Tribo sa California na pinapanatili ng California Native American Heritage Commission.

Ang mga organisasyon at entity na dati o kasalukuyang binigyan ng pondo ng Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng iba pang programa ay kwalipikadong mag-apply.

Ang mga Lead Applicant ay maaaring magsumite ng hanggang isang aplikasyon bawat isa para sa isang Catalyst, Opportunity at Seed Grant (para sa mga Seed Grant, may kondisyong ang entity ay isang 501(c)(3) na non-profit na organisasyon.

## 4.3 Mga Kwalipikadong Co-Applicant

Kabilang sa mga kwalipikadong entity na Co-Applicant ang mga organisasyong nakalista sa itaas sa seksyong Mga Kwalipikadong Lead Applicant. Kasama rin sa mga Kwalipikadong Co-Applicant ang mga for-profit na negosyo tulad ng mga contractor, consultant, technical assistance provider at mga vendor, pati na rin ang mga non-profit na 501(c)(4).

Walang limitasyon sa bilang o kategorya ng mga aplikasyon na maaaring salihan ng isang Co-Applicant.

## 4.4 Mga Hindi Kwalipikadong Applicant

Kabilang sa mga entity na hindi kwalipikadong mag-apply bilang Lead Applicant o Co-Applicant ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga indibidwal.
- Mga kasalukuyang empleyado ng Distrito ng Hangin at kanilang mga direktang kapamilya.
- Anuman o sinumang entity kung saan ang isang miyembro ng Lupon ay may pinansyal na interes na magdidiskwalipika sa Distrito ng Hangin mula sa pakikipagkontrata sa entity.
- Anuman o sinumang entity na pinagmumulan ng pondong multa sa ilalim ng partikular na Panawagan para sa Mga Proyekto.

## 4.5 Mga Kwalipikadong Komunidad

Ang mga proyekto ay dapat na nasa loob ng mga hangganan ng mga kwalipikadong komunidad. Pakitingnan ang mga partikular na dokumento ng Panawagan para sa Mga Proyekto para sa higit pang detalye.

## SEKSYON 5: MGA PANGANGAILANGAN NG KOMUNIDAD

### 5.1 Epekto sa Komunidad

Ang mga proyekto ay dapat isulong ng mga pangangailangan, priyoridad, at solusyon na tinukoy ng komunidad, at dapat tumutugon sa katarungang pangkapaligiran, pampublikong kalusugan, at/o (mga) hamon sa makatarungang transisyon. Hinihikayat ang mga aplikasyon na gumamit ng quantitative at qualitative na data para masuri at maipakita ang pinagbabatayang hamon at mga pangangailangan ng komunidad.

Hihilingin sa mga applicant na ilarawan ang kasaysayan ng pakikilahok ng komunidad kaugnay ng proyekto, at kung paano makabuluhang nasangkot ang mga organisasyon sa komunidad, mga residente, at iba pang pangunahing stakeholder sa pagtukoy ng mga pangangailangan ng komunidad.

Pagkatapos matukoy ang mga pangangailangan ng komunidad, dapat ilarawan sa mga aplikasyon ang pangkalahatang epekto na nais nilang makamit, at kung paano magpapakita ang masusukat na mga resulta ng pag-unlad tungo sa pagkamit ng epektong iyon.

### 5.2 Paglahok ng Komunidad

Para matiyak ang makabuluhang pamumuno sa komunidad sa buong life cycle ng proyekto, dapat kasama sa mga aplikasyon ang patuloy na pakikipag-ugnayan sa komunidad. Titiyakin nito na ang implementasyon at pangangasiwa ng gawad ay patuloy na nakabatay sa feedback at kadalubhasaan ng komunidad, partikular sa feedback mula sa mga residente, mga organisasyon sa komunidad, at iba pang pangunahing stakeholder.

Ang makabuluhang pakikipag-ugnayan sa komunidad ay dapat na may kasamang two-way na komunikasyon at mga mekanismo para sa pagsasama ng feedback ng komunidad sa buong life cycle ng proyekto. Hihilingin sa mga aplikasyon na tukuyin kung paano makikipag-ugnayan, makikipagtulungan, at tutugon ang applicant sa magkakaibang miyembro ng komunidad sa pamamagitan ng pagpapatupad ng gawad:

- Mga pamamaraan na gagamitin para maipaalam sa mga miyembro ng komunidad ang progreso ng pagpapatupad, mga benepisyo ng proyekto na available sa mga miyembro ng komunidad, at pagsubaybay sa mga pangunahing indicator.
- Mga pamamaraan na gagamitin para manghingi at maisama ang feedback ng komunidad sa panahon ng pagpapatupad ng gawad.

## SEKSYON 6: MGA ESTRATEHIYA

Dapat isulong ng lahat ng proyekto ang isa sa mga estratehiya ng Pondo para sa Benepisyo ng Lokal na Komunidad sa ibaba.

### 6.1 Mabawasan ang Polusyon sa Hangin at Mapabuti ang Kalusugan ng Mga Tao

Ang layunin ng estratehiyang ito ay mapagaan ang pinsalang dulot ng polusyon sa hangin noong nakaraan, matugunan ang mga epekto sa kalusugan na pinapalala ng polusyon sa hangin na nararanasan sa kasalukuyan, at maiwasan at matukoy ang mga bagong oportunidad para maiwasan ang mga potensyal na pinsalang dulot ng polusyon sa hangin sa hinaharap. Magagawa ito sa pamamagitan ng mga aksiyon na direktang nakakabawas sa mga emisyon ng polusyon sa hangin, direktang nakakabawas sa pagkakalantad ng tao sa mga emisyon ng polusyon sa hangin, nagbibigay-daan sa pagbawas ng pagkakalantad sa pamamagitan ng mas pag-unawa kung paano nakakaapekto ang mga emisyon ng polusyon sa hangin sa kalidad ng hangin sa komunidad, o malinaw at aktwal na nagbibigay ng positibong epekto sa kalusugan at kapakanan.

Kabilang sa mga epekto sa kalusugan na dulot ng polusyon sa hangin ang, ngunit hindi limitado sa, mga matinding problema sa paghinga tulad ng hika, mga tuloy-tuloy na kondisyon tulad ng sakit sa puso, at mga malalang sakit tulad ng kanser. Ang tuloy-tuloy na pagkakalantad sa polusyon sa hangin ay nagpapataas sa mga panganib na ito at nagpapalala sa mga negatibong epekto sa pangkalahatang kalusugan. Ang estratehiyang ito sa pagbabawas at pagpapagaan ng polusyon sa hangin ay bumubuo sa mandato ng Distrito ng Hangin na kontrolin ang mga nakapirming pinagmumulan ng polusyon sa hangin.

Nilalayon ng estratehiyang ito na bawasan at pagaanin ang mga pollutant sa hangin na nakakasama sa kalusugan para mapabuti ang kalusugan ng mga tao. Marami sa mga aksiyong ito ay maaaring makabawas sa mga emisyon ng gas ng greenhouse na nakakatulong sa pagbabago ng klima, na maaari ring negatibong makaapekto sa pampublikong kalusugan. Kabilang sa ilang potensyal na proyekto ang:

- Mga pagpapabuti sa kalidad ng indoor na hangin
- Mga residensyal at pampublikong gusali na nakabubuti sa kapaligiran at kalusugan
- Pagsubaybay sa polusyon sa hangin
- Mga estratehiya sa pagbawas sa mga emisyon at sa pagkakalantad
- Urban greening
- Mga programang pangkalusugan para sa mga komunidad na apektado ng polusyon sa hangin

Pakitingnan ang Appendix C para sa listahan ng mga naglalarawang kwalipikadong uri ng proyekto.

## 6.2 Magbigay ng Katatagan sa Ekonomiya para sa Makatarungang Transisyon

Ang layunin ng estratehiyang ito ay magbigay ng katatagan sa ekonomiya na naghahatid din ng mga napakahalagang benepisyo na may kaugnayan sa kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan. Ang estratehiyang ito ay nagbibigay ng naka-target na suportang pangkabuhayan sa mga komunidad na nakakaranas ng transisyon mula sa mga fossil fuel, tulad ng pagsasara ng mga planta at iba pang pagkagambala na may kaugnayan sa kapaligiran. Bagama't kinakailangan ang mga transisyong ito para matugunan ang mga epekto sa kalidad ng hangin sa mga komunidad na nasa hangganan at ang mas malawak na krisis sa klima, nanganganib ang mga ito na magdulot ng matinding pagkagambala sa ekonomiya sa mga komunidad—lalo na para sa mga taong nakaranas ng pinakamatinding polusyon mula sa mga pasilidad na pang-industriya.

Ang Makatarungang Transisyon ay isang framework na nakasentro sa mga manggagawa at komunidad na naglalayong tiyakin ang matagumpay na transisyon ng mga manggagawa at komunidad na gumagamit ng fossil fuel tungo sa isang bago at makatarungang ekonomiya na pinapagana ng malinis na enerhiya. Ang bagong ekonomiyang ito ay nakasentro sa pare-parehong layunin ng mga de-kalidad na trabaho, kalusugan ng komunidad, at katatagan ng ekonomiya—na ginagabayan ng pamumuno at pakikilahok ng mga manggagawa at komunidad na pinakaapektado.

Samakatuwid, ang estratehiyang ito ay naglalayong magbigay ng tumutugon at nakadirekta sa komunidad na suportang pangkabuhayan na nakakatulong sa mga residente at manggagawa na malampasan ang transisyon mula sa mga fossil fuel at ang kaugnay nitong mga epekto sa kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan. Sa ilalim ng estratehiyang ito, ang mga proyekto ay maaaring:

- Isulong ang high road na pag-unlad ng ekonomiya na tinitiyak ang paglikha ng mga de-kalidad na lokal na trabaho na kapaki-pakinabang sa kapaligiran at pampublikong kalusugan
- Gawing matatag ang ekonomiya sa pamamagitan ng pagpaplano at mga proyektong naghahatid ng mga benepisyo sa kalidad ng hangin at kaugnay na benepisyo sa kalusugan, at makagawa ng mga landas tungo sa malinis na ekonomiya.

Kabilang sa ilang potensyal na proyekto ang:

- Mga programa sa pagpapaunlad ng lakas-paggawa at pagsasanay na nakatuon sa de-kalidad na trabaho, na nagbibigay-priyoridad sa mga lokal na residente at mga manggagawang nawalan ng trabaho o nasa panganib
- Mga inisyatiba sa pag-iiba-iba ng pag-unlad ng ekonomiya na sumusuporta sa transisyon sa mga fossil fuel at umaakit ng malinis na teknolohiya
- Pagpaplano ng komunidad para muling pag-isipan ang paggamit ng lupa
- Pagpaplano ng muling pagpapaunlad para sa mga industriyal at maruruming ari-arian
- Mga task force para sa pangangasiwa ng komunidad na gumagabay sa pagpaplano ng makatarungang transisyon

Pakitingnan ang Appendix C para sa listahan ng mga naglalarawang kwalipikadong uri ng proyekto.

## SEKSYON 7: PLANO PARA SA MGA NASUSUKAT NA RESULTA

Para sa bawat proyekto, ang mga aplikasyon ay dapat bumuo ng Plano para sa Nasusukat na Resulta. Iniuugnay ng Plano para sa Mga Nasusukat na Resulta ang mga nasusukat na resulta sa mga milestone, aktibidad, pagsubaybay sa mga indicator, at sa hinihiling na badyet.

### 7.1 Mga Nasusukat na Resulta at Indicator

Ang lahat ng proyekto ay dapat magbigay ng mga makabuluhan at nasusukat na resulta na makakamit sa pamamagitan ng proyekto sa loob ng termino ng gawad. Ang mga nasusukat na resulta ay tinutukoy bilang ang mga partikular na resulta o pagbabagong nagaganap bilang direktang bunga ng iyong proyekto. Maaaring magsumite ng quantitative at qualitative na mga resulta; inirerekomenda ang pagsubaybay sa mga quantitative na resulta kung naaangkop.

Kapag natukoy na ang mga nasusukat na resulta, dapat tukuyin sa mga aplikasyon ang mga quantitative at qualitative na indicator na gagamitin para subaybayan ang progreso ng proyekto. Ang mga indicator (hal., bilang ng mga iniaalok na serbisyong pangkalusugan sa paghinga) ay sumusubaybay sa progreso patungo sa pagkamit ng mga nasusukat na resulta (hal., pagbuti ng kalusugan sa paghinga nang 15%).

| Nasusukat na Resulta | (Mga) Indicator |
|---|---|
| • | • |
| • | • |
| • | • |

Para sa layunin ng pagsusumite ng aplikasyon, ang mga applicant ay dapat gumawa ng may batayang pagtataya ng mga nasusukat na resulta na makakamit at ng mga indicator na gagamitin para subaybayan ang progreso ng proyekto. Pakibisita ang website ng Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad para sa gabay sa pagbuo ng mga nasusukat na resulta.

Maaaring magbigay ng teknikal na tulong sa yugto ng aplikasyon para suportahan ang mga applicant sa pagtukoy ng mga naaangkop na nasusukat na resulta para sa kanilang mga mungkahi, at maaari ring magbigay ng teknikal na tulong sa panahon ng pagpapatupad ng gawad para sa mga napiling tatanggap ng gawad para sa pagpapatibay ng mga sukatan ng data at pananagutan.

### 7.2 Mga Milestone

Kakailanganin ng mga applicant na tukuyin ang mahahalagang milestone ng proyekto at ang mga gawain na kinakailangan para maisakatuparan ang mga proyekto at makamit ang mga nasusukat na resulta. Ang mga milestone ay mahahalagang marker o yugto sa isang proyekto, tulad ng mga deliverable o mga natapos na yugto ng trabaho. Ang mga gawain ay ang mga partikular na hakbang na ginagawa para maabot ang bawat milestone.

| | | |
|---|---|---|
| **Milestone #1:** | | |
| **Pag-ayon sa Mga Resulta:** | | |
| **Gawain** | **Lead** | **Petsa ng Pagkumpleto** |
| | | |
| | | |
| **Milestone #2:** | | |
| **Pag-ayon sa Mga Resulta:** | | |
| **Gawain** | **Lead** | **Petsa ng Pagkumpleto** |
| | | |
| | | |

## SEKSYON 8: MGA KWALIPIKADONG GASTOS

### 8.1 Mga Kwalipikadong Gastos

Ang mga kwalipikadong direktang gastos ay mga direktang gastos para sa mga produkto o serbisyo na natamo sa termino ng gawad, at direktang nauugnay sa pagpapatupad ng proyekto. Ang mga gastos ay hindi dapat lumampas sa mga gastusing gagawin ng isang matipid na tao at dapat na naaayon sa mga presyo sa market para sa maihahambing na mga produkto at serbisyo.

Ang mga hindi direktang gastos ay tumutukoy sa pangkalahatang gastusin sa operasyon tulad ng upa, mga utility, kawani sa administrasyon, seguro, at mga serbisyong legal, at pinapayagan ang hanggang 15% ng kabuuang badyet.

Kabilang sa mga kwalipikadong gastos, ngunit hindi limitado sa:

- Mga direktang gastos sa kawani para sa Lead Applicant at (mga) Co-Applicant, kabilang ang mga suweldong may orasan na rate, mga benepisyo, at leave
- Mga Subcontractor. Hihilingin sa mga applicant na tukuyin ang layunin at tinantyang gastos para sa mga karaniwang serbisyong kontraktwal.
- Mga consultant para sa mga propesyonal na serbisyo. Ang mga gastos sa consultant ay dapat na mas mababa sa 25% ng badyet.
- Mga materyales, supply at kagamitan. Dapat naka-itemize ang mga pagbili na mahigit $5,000.
- Mga gastos bago ang pagpapaunlad, tulad ng mga konseptwal na disenyo, at pagpaplano at mga pag-aaral sa feasibility.
- Mga gastos sa konstruksyon
- Mga gastos sa pagkuha ng site
- Mga gastos sa pakikilahok ng komunidad, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
    - Mga materyal para sa pakikipag-ugnayan at pakikilahok
    - Pagsasalin at interpretasyon
    - Pangangasiwa para sa mga pagpupulong ng komunidad
    - Kompensasyon para sa mga kalahok sa kanilang pakikilahok sa mga aktibidad tulad ng mga pulong, design charrette o survey. Dapat idokumento ang mga event na ito kasama ng mga deliverable tulad ng mga sign-in sheet o data ng survey.
    - Mga stipend sa transportasyon
    - Mga gastos sa upa at seguro na nauugnay sa mga kagamitan o pasilidad
    - Mga pagkain at pampalamig, tulad ng sa isang pulong ng komunidad sa gabi na isinasagawa sa karaniwang oras ng hapunan
    - Pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalaga ng bata sa mga pulong o event sa komunidad
- Mga gastos sa pagpapaunlad ng kapasidad at pagsasanay
- Mga gastos sa paglalakbay na direktang nauugnay sa pagpapatupad ng gawad
- Mga gastos sa sponsorship sa pananalapi
- Mga aktibidad sa pagsusuri at pag-uulat
- Iba pang gastos. Para sa iba pang direktang gastos na hindi akma sa alinman sa mga kategorya ng badyet sa itaas, pakilista ang bawat item nang may sapat na detalye

para matukoy ng mga kawani ng Distrito ng Hangin ang pagiging makatwiran at pinapayagan ng gastos.
- Ang mga hindi inaasahang gastos ay hanggang 10% ng kabuuang direktang gastos ng aplikasyon. Ang mga hindi inaasahang gastos ay maaaring isantabi para matugunan ang mga hindi inaasahang gastusin o biglaang gastos na maaaring lumitaw sa termino ng gawad.
- Mga hindi direktang gastos na hanggang 15%

### 8.2 Mga Hindi Kwalipikadong Gastos

Kabilang sa mga hindi kwalipikadong gastos ang, ngunit hindi limitado sa:

- Gastos sa paghahanda o pagsusumite ng aplikasyon para sa grant
- Mga gastos sa operasyon at pagmementina sa labas ng termino ng grant
- Direktang lobbying na naglalayong impluwensiyahan ang isang halal o pampublikong opisyal tungkol sa isang isyu, tulad ng pagpasa ng isang panukalang batas
- Pampublikong lobbying na naglalayong bumuo ng suportang pampulitika sa pangkalahatang publiko para sa isang isyu o kandidato
- Paglalakbay sa labas ng estado at mga hindi inaasahang gastos na nauugnay sa paglalakbay
- Alak, cannabis, o iba pang intoxicant
- Mga upgrade sa luxury o gourmet na pagkain, pampalamig, o paglalakbay
- Mga kampanya para sa donasyon
- Mga aktibidad para makalikom ng pondo
- Pangangalakal ng mga produkto o teknolohiya para kumita
- Mga gastos na nagaganap sa labas ng termino ng kasunduan sa gawad

Kung ang isang aplikasyon na inirerekomenda para sa isang pagkakaloob ay may kasamang mga hindi kwalipikadong gastos, ang mga gastos na iyon ay hindi isasama, at ang inirerekomendang kabuuang award ng proyekto ay iaakma nang naaayon.

## SEKSYON 9: MGA KINAKAILANGAN SA KAHANDAAN

### 9.1 Kapasidad sa Pamamahala

Ang Lead Applicant at ang (mga) Co-Applicant ay dapat magpakita ng kakayahang pamahalaan at ipatupad ang mga kumplikadong proyekto. Ang Lead Applicant at ang (mga) Co-Applicant ay dapat ding magpakita ng kakayahang pamahalaan ang iba pang

bahagi ng gawad tulad ng koordinasyon sa mga partner, pakikipag-ugnayan sa komunidad, at pag-uulat. Para maipakita ang kakayahan sa pamamahala, ang mga aplikasyon ay dapat:

- Maglarawan ng karanasan sa organisasyon o mga halimbawa ng matagumpay na pagkumpleto ng mga proyektong may katulad na saklaw at laki.
- Tumukoy sa Lead Applicant o Co-Applicant na responsable sa pamumuno sa bawat proyekto.

## 9.2 Pinansyal na Kakayahan

Dapat makapagpakita ang mga applicant ng sapat na pinansyal na kakayahan na mapamahalaan ang gawad, kabilang ang ebidensya ng sapat na daloy ng pera para mapamahalaan ang pagpopondo ng gawad na nakabatay sa reimbursement.

- Ang mga Applicant ng Seed Grant ay dapat magbigay ng kanilang taunang badyet ng organisasyon para sa kasalukuyang taon ng pananalapi. Ang Lead at (mga) Co-Applicant para sa Opportunity Grant at Catalyst Grant ay dapat magsumite ng kanilang taunang badyet ng organisasyon para sa nakaraang dalawang taon ng pananalapi.
- Ang Lead Applicant at (mga) Co-Applicant na mga non-profit na organisasyon ay dapat magsumite ng kopya ng kanilang pinakahuling Federal Form 990 at kopya ng Serbisyo ng Rentas Internas (Internal Revenue Service,IRS) 501(c) Liham ng Pagtukoy sa Buwis ng organisasyon.
    - Kung ang isang non-profit na Lead Applicant o Co-Applicant ay nakikipagtulungan sa isang fiscal sponsor, ang sponsor ay dapat na isang 501(c)(3) non-profit na organisasyon. Dapat ding ibigay ng Applicant ang pinakabagong Federal Form 990 ng fiscal sponsor at isang kopya ng IRS 501(c)(3) Liham ng Pagtukoy sa Buwis ng fiscal sponsor. Dapat din silang magbigay ng liham ng fiscal sponsorship.

## 9.3 Mga Pag-apruba at Pag-ayon

Dapat maipakita ng mga aplikasyon na kaya nilang simulan ang pagsasagawa ng gawad at kumpletuhin ang mga deliverable ng proyekto sa loob ng termino ng gawad:

- <u>Mga permit at pag-apruba:</u> Dapat tukuyin sa mga aplikasyon ang anumang kinakailangang permit o pag-apruba para maisakatuparan ang mga proyekto, at maipakita na ang mga naturang permit o pag-apruba ay maaaring makuha sa loob ng termino ng gawad.
- <u>Kontrol sa site:</u> Dapat maipakita ng mga applicant na sila ang may-ari o may kontrol sa site kung saan isasagawa ang proyekto, o na mayroon silang legal na may-bisang

access o pahintulot sa naturang site. Kakailanganin ang pagpapakita ng kontrol sa site bago ang oras ng pagtupad ng Kasunduan sa Gawad.

- Pag-ayon sa mga kasalukuyang inisyatiba o plano: Dapat maipakita sa mga aplikasyon kung ang mga proyekto ay naaayon sa anumang inisyatiba o plano ng komunidad, lokal, rehiyon o buong estado (hal., Mga Plano sa Aksiyon sa Klima, ang Programa sa Proteksiyon sa Hangin ng Komunidad (AB 617) atbp.)
- Mga Operasyon at pagmementina: Dapat maipakita sa mga aplikasyon kung paano masisiguro ang mga operasyon at pagmementina ng anumang pisikal na imprastraktura sa loob at pagkatapos ng termino ng gawad. Dapat mailarawan sa mga aplikasyon ang kanilang plano sa mga operasyon at pagmementina at ang pamamaraan sa pagpopondo para sa mga pisikal na imprastraktura na proyekto.

# SEKSYON 10: PAGSUSUMITE NG APLIKASYON

## 10.1 Teknikal na Tulong

Magbibigay ng teknikal na tulong para sa aplikasyon at isasapriyoridad na mabigyan ang mga applicant na mas kaunti ang mga mapagkukunan o limitado ang karanasan sa gawad. Pakibisita ang Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad para sa karagdagang impormasyon.

## 10.2 Proseso ng Aplikasyon

Ang mga materyal sa aplikasyon ay available sa website ng Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad. Ang proseso ng aplikasyon ay binubuo ng dalawang pangunahing hakbang:

1. Magsusumite ang mga applicant ng Form ng Impormasyon sa Aplikasyon na humihingi ng maikling balangkas ng pangkalahatang aplikasyon at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa Lead Applicant.
2. Pagkatapos maisumite ang Form ng Impormasyon sa Aplikasyon, makakatanggap ang mga applicant ng link sa pamamagitan ng email na magdidirekta sa kanila sa isang portal kung saan nila maaaring i-upload ang kanilang mga dokumento para sa aplikasyon.

Ang huling araw ng pagsusumite ng mga aplikasyon ay sa **Biyernes, Mayo 1, sa ganap na 5pm**. Hinihikayat ang mga applicant na magsumite ng kanilang mga aplikasyon nang maaga para maiwasan ang anumang teknikal na problema.

Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad sa communityinvestments@baaqmd.gov tungkol sa anumang teknikal na isyu o tanong.

# SEKSYON 11: PAGSUSURI NG APLIKASYON

Ang proseso ng aplikasyon ay binubuo ng mga sumusunod na hakbang:

1. Pagsusuri sa Pagiging Kwalipikado: Sinusuri ng mga kawani ng Distrito ng Hangin ang bawat pagsusumite para sa pagiging kumpleto, pagiging kwalipikado, at pagkakaayon sa mga kinakailangan sa Round 1.
2. Pagmamarka ng Aplikasyon: Ang mga kwalipikadong aplikasyon ay binibigyan ng marka ng pinagsamang mga teknikal na review at review mula sa komunidad gamit ang na-publish na rubric ng pagmamarka para sa uri ng gawad.
3. Mga Rekomendasyon sa Pagpopondo: Sinusuri ng mga kawani ng Distrito ng Hangin ang mga resulta ng pagmamarka at isinasaalang-alang ng mga ito ang kabuuang balanse ng portfolio (gamit ang mga pamantayan tulad ng available na pondo para sa bawat uri ng gawad, heograpikong distribusyon, pagkakaiba-iba ng proyekto, at overlap) bago bumuo ng mga rekomendasyon sa pagpopondo.
4. Pagpili at Pagkakaloob ng Gawad: Isinasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Hangin ang mga rekomendasyon ng mga kawani at gumagawa ito ng mga pinal na desisyon sa pagpopondo.

## 11.1 Pagsusuri sa Pagiging Kwalipikado

Para maging kwalipikado para sa pagsasaalang-alang, ang mga aplikasyon ay dapat na kumpleto at maisumite bago ang takdang petsa. Susuriin ng mga kawani ng Distrito ng Hangin ang lahat ng aplikasyon para sa mga sumusunod na bahagi:

**Pagiging Kumpleto sa Kabuuan**

- ❑ Kumpleto at sapat ang mga materyal sa aplikasyon para masuri ang feasibility ng (mga) iminumungkahing proyekto at nakakasunod ito sa mga kinakailangan sa aplikasyon.

**Pagiging Kwalipikado ng Applicant**

- ❑ Ang Lead Applicant ay isang kwalipikadong organisasyon.
- ❑ Ang (mga) Co-Applicant ay (mga) kwalipikadong organisasyon *(para sa Opportunity Grant at Catalyst Grant).*
- ❑ Ang heograpiya ng aplikasyon ay pasok sa mga pamantayan sa mga kwalipikadong komunidad. Tingnan ang partikular na dokumento ng Panawagan para sa mga Proyekto para sa karagdagang impormasyon.

**Mga Materyal sa Aplikasyon**

Ang isang kumpletong pakete ng aplikasyon ay binubuo ng mga sumusunod na form at dokumento. Makikita ang mga template na dokumento sa website ng Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad.

| Dokumento para sa Aplikasyon | Seed Grant | Opportunity Grant | Catalyst Grant |
|---|---|---|---|
| Form ng Impormasyon sa Aplikasyon: Microsoft Form na naglalahad ng kabuuang aplikasyon at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa Lead Applicant._ | x | x | x |
| Buod ng Mga Applicant at Proyekto: Buod ng Excel ng mga Lead Applicant at Co-Applicant at mga proyekto (para sa Catalyst). | | x | x |
| Pangkalahatang Salaysay: Salaysay na nagbubuod ng pangkalahatang aplikasyon. | | | x |
| (Mga) Salaysay ng Proyekto: Salaysay para sa bawat proyektong kasama sa aplikasyon. | x | x | x |
| Badyet: Badyet sa Excel, na nagbabalangkas ng mga gastos ayon sa proyekto pati na rin ang pangkalahatang buod ng badyet. | x | x | x |
| Taunang Badyet ng Organisasyon para sa Lead Applicant at (Mga) Co-Applicant: Kopya ng kasalukuyang taunang badyet ng organisasyon (Seed), at mga kopya ng huling dalawang taon ng mga badyet ng organisasyon (Opportunity at Catalyst) | x | x | x |
| Dokumentasyon ng Non-Profit: Para sa non-profit na Lead at/o (mga) Co-Applicant, magbigay ng mga kopya ng pinakahuling Federal Form 990 at kopya ng IRS 501(c) Liham ng Pagtukoy sa Buwis._<br><br>Kung ang isang non-profit ay nakikipagtulungan sa isang fiscal sponsor, kinakailangan din nilang magsumite ng pinakahuling Federal Form 990 ng fiscal sponsor at kopya ng IRS 501(c)(3) Liham ng Pagtukoy sa Buwis ng organisasyon. Dapat din silang magbigay ng liham ng fiscal sponsorship. | x | x | x |
| Karagdagang dokumentasyon para maberipikang natugunan ng applicant ang anumang kinakailangang pag-apruba, permit o iba pang | x | x | x |

| | | | |
|---|---|---|---|
| kinakailangan para masimulan ang pagpapatupad ng gawad. | | | |
| Mga Sanggunian: Magbigay ng dalawang sanggunian na maaaring magpahiwatig ng kakayahan at kapasidad ng iyong aplikasyon na kumpletuhin ang trabahong nakabalangkas sa aplikasyon. | x | x | x |

## 11.2 Pagmamarka ng Aplikasyon

Ang mga kwalipikadong aplikasyon ay bibigyan ng marka ng mga teknikal na reviewer at reviewer mula sa komunidad.

- Ang mga teknikal na reviewer ay binubuo ng mga stakeholder tulad ng mga Kawani ng Distrito ng Hangin, mga panlabas na teknikal na eksperto, at mga opisyal ng lokal na gobyerno.
- Ang mga reviewer mula sa komunidad ay binubuo ng mga stakeholder sa komunidad na may lubos na kaalaman at kadalubhasaan sa komunidad. Ang mga reviewer mula sa komunidad ay pipiliin ng Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng isang prosesong idinisenyo para maipakita ang pagkakaiba-iba, aktwal na karanasan, at kadalubhasaan. Kung ang heograpiya ng mga kwalipikadong komunidad ay nag-o-overlap sa isang Programa sa Proteksiyon sa Kalusugan ng Komunidad na Napapailalim sa AB 617, maglalaan ng hindi bababa sa isang puwesto para sa isang kinatawan ng Steering Committee ng Komunidad sa ilalim ng AB 617. Ang mga reviewer mula sa komunidad ay tumatanggap ng stipend para sa kanilang oras. Pakibisita ang website ng Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagtukoy at pagpili ng mga reviewer mula sa komunidad.

Ang mga reviewer ay sasailalim sa mga naaangkop na limitasyon sa tunggalian ng interes sa pakikilahok sa pagpapasya ng Distrito ng Hangin.

## 11.3 Mga Pamantayan sa Pagmamarka

Ang mga aplikasyon ay mamarkahan ayon sa mga sumusunod na pamantayan sa pagmamarka:

| **Mga Pamantayan sa Pagmamarka** | **Mga Puntos** |
|---|---|
| Pangkalahatang Salaysay<br>*(Opportunity Grant at Catalyst Grant)* | |

| | |
|---|---|
| Mithiin | 10 |
| Istruktura ng Partnership | 20 |
| Kapasidad | 20 |
| | 50 |
| Salaysay ng Proyekto *(Seed Grant, Opportunity Grant, at Catalyst Grant)* | |
| Mga Istratehiya ng Programa | 10 |
| Epekto sa Komunidad | 20 |
| Paglahok ng Komunidad | 10 |
| Plano para sa Mga Nasusukat na Resulta | 30 |
| Kapasidad | 10 |
| Kahandaan | 20 |
| | 100 |

## 11.4 Mga Rekomendasyon sa Pagpopondo

Sinusuri ng mga kawani ng Distrito ng Hangin ang mga aplikasyon na may pinakamataas na marka, kung saan isinasaalang-alang ang mga pamantayan tulad ng available na pondo para sa bawat uri ng gawad, pagkakaiba-iba at representasyon ng heograpiya, at pagkakaiba-iba at overlap ng proyekto. Maaaring suriin ng mga kawani ang mga sangguniang nakalista sa aplikasyon pati na rin ang mga karagdagang sanggunian, kabilang ang mga lokal na entity ng gobyerno sa lugar ng proyekto.

Ang mga kawani ng Distrito ng Hangin ang magsasapinal ng inirerekomendang portfolio ng mga proyektong popondohan.

## 11.5 Pagpili at Pagkakaloob ng Gawad

Ang Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Hangin ay gagawa ng pinal na pagpili ng mga proyekto, at maaari nilang piliing hindi magpondo ng mga proyekto o pumili ng ibang mga proyekto mula sa pool ng applicant na popondohan. Ang Distrito ng Hangin ay may karapatang hindi magkaloob ng gawad, o magkaloob lang ng bahagi ng gawad, na nakadepende sa available na pondo. Kung magbibigay ang Distrito ng Hangin ng halagang iba sa hinihiling na halaga, makikipagtulungan ang mga kawani ng Distrito ng Hangin sa tatanggap ng gawad para maiayon ang mga deliverable, resulta, at timeline sa naaangkop na paraan.

Sa sariling pagpapasya ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Hangin, nakalaan sa kanila ang karapatan, ngunit wala silang obligasyon, na gawin ang alinman sa mga sumusunod anumang oras:

- Bahagyang pondohan ang mga aplikasyon sa pamamagitan ng pagpopondo sa magkakahiwalay na bahagi o yugto ng mga aplikasyon.
- Kanselahin, baguhin, palawigin, o amyendahan ang isang paghingi ng gawad.
- Baguhin ang halaga ng pondong available o ang mga terminong tinukoy sa dokumentong ito ng Mga Alituntunin o sa kasunod na Panawagan para sa mga Proyekto
- Ayusin ang mga pamantayan sa pagsusuri sa panahon ng aplikasyon at bigyan ng abiso ang mga applicant sa website ng Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad.
- Baguhin ang proseso ng pagsusuri gaya ng inilalarawan sa Mga Alituntuning ito.
- Tanggihan ang alinmang aplikasyong natanggap, may dahilan man o wala, alinsunod sa pinapahintulutan ng batas.

## SEKSYON 12: MGA PAGKAKALOOB NG GAWAD

### 12.1 Kasunduan sa Gawad at Pangangasiwa

Magtutulungan ang Tatanggap ng Gawad at ang Distrito ng Hangin para makabuo ng Kasunduan sa Gawad na nagtatakda ng mga tuntunin at kundisyon ng gawad, kabilang ang mga kinakailangan sa pag-uulat. Kinakailangan sa proseso para magkaroon ng Kasunduan sa Gawad ang pagtiyak ng masusing pagsunod sa mga patakaran ng Distrito ng Hangin.

Nagkakaroon ng pinal na pag-apruba para sa pagpopondo kapag ang isang Kasunduan sa Gawad ay nilagdaan ng Tatanggap ng Gawad at ng Distrito ng Hangin. Kapag naipatupad ang Kasunduan sa Gawad, maaaring simulan ng Tatanggap ng Gawad ang trabaho sa mga pinopondohang aktibidad. Hindi maaaring bayaran ang mga tatanggap ng gawad para sa mga aktibidad na naganap bago ang pagpapatupad ng Kasunduan sa Gawad.

### 12.2 Pag-disburse at Pag-uulat

**Maagang Pagbabayad**

Maaaring magbigay ang Distrito ng Hangin ng maagang bayad para mabawasan ang mga hadlang at para matiyak na ang mga aktibidad sa gawad ay masisimulan nang nasa oras. Ang mga tatanggap ng gawad na tatanggap ng maagang bayad ay dapat gumawa at magbigay ng proseso para sa lahat ng kasosyo sa proyekto para makahiling at makatanggap ng maagang bayad at atasan ang lahat ng kasosyo sa proyekto na sumunod sa mga tuntunin ng pag-uulat.

- Ang maagang bayad ay hindi dapat lumampas sa 25% ng buong ipinagkaloob na gawad.

- Isasapriyoridad ang maagang bayad para sa mga Tatanggap ng Gawad na may mababang reserbang pera.
- Para makatanggap ng maagang bayad, ay mga Tatanggap ng Gawad ay dapat:
    - Magtipon at magsumite ng mga plano sa paggastos para sa bawat Kasosyo na tumatanggap ng maagang bayad
    - Sumagot ng form ng kahilingan para sa maagang bayad na may kalakip na mga sumusuportang dokumento
- Ang pondo para sa maagang bayad ay dapat i-disburse sa isang account na may pederal na seguro at kumikita ng interes, at ang natitipong interes ay ituturing na bahagi ng pagpopondo ng proyekto.
- Ang kumpletong iskedyul, proseso, at mga kinakailangan sa pag-uulat para sa maagang bayad ay tutukuyin sa Kasunduan sa Gawad.
- Ang maagang bayad ay ibinibigay lang ayon sa pagpapasya ng Distrito ng Hangin, at ang pagiging kwalipikado at mga proseso para sa maagang bayad ay maaaring magbago.

**Pagbabayad ng Gawad**

Ang pagbabayad ng pondo ay pagpapasyahan sa Kasunduan sa Gawad para sa bawat proyekto at maaaring isaalang-alang kada quarter. Walang pondong ilalabas hangga't hindi ganap na naisakatuparan ng Tatanggap ng Gawad at ng Distrito ng Hangin ang kasunduan sa gawad.

Sa bawat kahilingan sa pag-reimburse, ang mga tatanggap ng gawad ay dapat magsumite ng mga naka-itemize na invoice na may kasamang mga paglalarawan ng mga deliverable at patunay ng mga paggastos ng pondo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga talaan ng payroll, mga invoice ng subcontractor, at mga kopya ng resibo. Ang mga pagbabayad ng mga kwalipikadong gastos ay maaaring isaalang-alang kada quarter.

Kapag naisakatuparan na ang kanilang mga kasunduan sa gawad, ang mga Tatanggap ng Gawad ay may legal na obligasyong tumupad sa ilang partikular na kinakailangan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagsusumite ng mga pana-panahong ulat ng progreso.
- Pagsusumite ng pinal na ulat.
- Pagbibigay ng abiso sa Distrito ng Hangin nang maaga tungkol sa anumang pagbabago sa pagpapatupad ng proyekto.

Kung ang Tatanggap ng Gawad ay makaranas ng pangangailangang gumawa ng anumang pagbabago sa orihinal na napagkasunduang saklaw ng trabaho, kinakailangang makipag-ugnayan nang maaga ang Tatanggap ng Gawad sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng pagsulat para maamyendahan ang Plano ng Trabaho ng Kasunduan sa Gawad. Ang

anumang trabahong natapos bago maisakatuparan ang Kasunduan sa Gawad, o anumang trabaho sa labas ng orihinal na saklaw na natapos bago maamyendahan ang Plano ng Trabaho, ay hindi magiging kwalipikado na pondohan.

Kung ang alinmang mahalagang impormasyon sa aplikasyon ng Tatanggap ng Gawad ay matukoy sa kalaunan na mali, mapanlinlang, o may malaking kakulangan, o kung ang Tatanggap ng Gawad ay hindi makasunod sa lahat ng tuntunin at kundisyon ng Kasunduan sa Gawad o mabigong makumpleto ang mga deliverable ng proyekto, maaaring atasan ang Tatanggap ng Gawad na isauli ang bahagi ng o ang buong pondong ipinagkaloob, at maaaring hindi na maging kwalipikado ang Tatanggap ng Gawad na lumahok sa mga programa ng gawad ng Distrito ng Hangin sa hinaharap.

**Pag-uulat ng Progreso at Mga Resulta**
Bilang minimum, ang mga Tatanggap ng Gawad ay magsusumite ng mga ulat ng progreso kada anim na buwan at isang pinal na ulat ng buod ng proyekto. Dapat kasama sa mga ulat ang:

- Mga accounting statement na nagdodokumento ng kita sa gawad ng lead agency.
- Mga Gastusin.
- Demograpiko ng mga huling tatanggap.
- Isang salaysay na nagpapakita ng progreso patungo sa mga layunin at mithiin ng proyekto.

Ginagamit ang mga ulat para suriin ang epekto ng mga pamumuhunan ng Distrito ng Hangin at tumulong sa paghubog ng mga programa ng gawad sa hinaharap. Ang lahat ng ulat ay gagamitin para magbahagi ng impormasyon at maisulong ang mga tagumpay sa hanay ng mga tatanggap ng gawad at sa mas malawak na komunidad ng Bay Area. Ang mga format, template, at mga kinakailangan sa ulat ay ibibigay sa mga tatanggap ng gawad kasama ng kanilang mga materyal sa pagkakaloob.

Maaaring hilingin sa mga tatanggap ng gawad na lumahok sa mga karagdagang aktibidad sa pagsusuri, tulad ng mga sesyon ng peer-to-peer learning at mga pagtitipon, para matasa ang progreso ng proyekto at programa, mga hamon, mga tagumpay, at mga aral na natutunan.

## APPENDIX A: TUNGKOL SA DISTRITO NG HANGIN

Pinapaganda ng Distrito ng Hangin ang kalidad ng hangin para maprotektahan ang pampublikong kalusugan, mabawasan ang mga dati pa at kasalukuyang hindi pagkakapantay-pantay na may kaugnayan sa kapaligiran, at mapagaan ang pagbabago ng klima at mga epekto nito.

Ang Distrito ng Hangin, na binuo noong 1955, ay may responsibilidad sa pagkontrol sa mga nakapirming pinagmumulan ng polusyon sa siyam na county sa San Francisco Bay Area, kabilang ang mga permanenteng pasilidad na matatagpuan sa mga pantalan, mga oil refinery, at malalaking pang-industriyang complex. Ang Distrito ng Hangin ay nagpapatibay ng mga regulasyon para mapabuti ang kalidad ng hangin, nagpopondo ng mas malilinis na sasakyan at trak, at nakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan para mabawasan ang mga emisyon. Ang mga pagsisikap na ito, kasama ang mga pagsisikap ng aming mga partner sa California Air Resources Board, ay nagbunga ng mahahalagang pagpapabuti sa kalidad ng hangin sa paglipas ng mga taon. Gayunpaman, ang mga komunidad na matatagpuan malapit sa mga freeway, mataong kalsada, distribution center, at malalaking pasilidad na pang-industriya ay nalalantad sa mas mataas na antas ng polusyon sa hangin kumpara sa ibang bahagi ng Bay Area. Ang mga komunidad na ito ay kadalasang mga komunidad na may mababang kita at mga community of color, at hindi palaging nakinabang nang pantay sa mga pagpapabuti sa kalidad ng hangin.

Noong 2024, pinagtibay ng Distrito ng Hangin ang 2024-2029 Strategic na Plano na naglalahad kung paano babaguhin ng Distrito ng Hangin ang trabaho namin para mas epektibong matugunan ang mga isyu sa kalidad ng hangin, na may pagtuon sa mga lokal na komunidad na labis na apektado ng polusyon sa hangin. Ang 2024-2029 Strategic na Plano ay nakasentro sa apat na pangunahing layunin: pagkakaroon ng epekto, pagsusulong ng katarungang pangkapaligiran, pagbibigay-daan sa cohesion at inclusion, at pagpapanatili ng isang epektibo, may pananagutan, at nakatuon sa kliyente na organisasyon.

Ang Patakaran sa Pondo mula sa Multa para sa mga Benepisyo ng Komunidad ay isang mahalagang hakbang tungo sa paggawa ng proseso na isinasama ang mga priyoridad ng komunidad sa kung paano muling ipinupuhunan ang pondo mula sa multa. Sinusuportahan ng programa ang mga proyektong tumutugon sa mga pangangailangan ng komunidad, bumubuo ng mga partnership, at nagpapababa ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa polusyon sa hangin. Ang Patakaran sa Pondo mula sa Multa para sa mga Benepisyo ng Komunidad ay nakaugat din sa tatlo sa mga pangunahing prinsipyo ng Distrito ng Hangin:

- Katarungang Pangkapaligiran – Isasama namin ang mga prinsipyo ng katarungang pangkapaligiran sa lahat ng aspeto ng programang ito habang hinahangad naming

mapabuti ang mga resulta sa katarungang pangkapaligiran para sa mga komunidad na tinukoy bilang bahagi ng programang ito.

- Partnership – Pinapahalagahan namin ang aming mga kasosyo at patuloy kaming magsisikap na itaguyod ang makabuluhang pakikipagtulungan sa mga tatanggap ng gawad habang isinasakatuparan nila ang kanilang mga proyekto.
- Tiwala – Kami ay nakatuon sa pagkuha ng tiwala ng publiko sa pamamagitan ng pag-ugat ng programang ito at ng aming mga patakaran sa batas, agham, at mga aktwal na karanasan ng aming mga komunidad.

Bukod sa pagsuporta sa mga pangunahing prinsipyo ng Distrito ng Hangin, ang programang ito ay direktang nagsusulong din ng dalawa sa mga estratehiyang nakasaad sa 2024-2029 Strategic na Plano para Isulong ang Katarungang Pangkapaligiran, kabilang ang:

- Estratehiya 2.1 Partnership sa Komunidad: Bubuo kami ng mga partnership kasama ang mga komunidad para sila ay direktang makalahok sa mga solusyon sa mga suliranin sa kalidad ng hangin na nakaaapekto sa kanila.
- Estratehiya 2.8 Pondong Nakadirekta sa Komunidad: Papamahalaan namin ang pondo para makinabang ang mga komunidad sa pakikipagtulungan sa mga komunidad na iyon, kabilang ang perang kinokolekta ng Distrito ng Hangin bilang multa mula sa mga paglabag sa polusyon sa hangin na nakaaapekto sa mga komunidad.

## APPENDIX B: MGA KAHULUGAN

**Mga Pollutant sa Hangin** – Anumang substance sa hangin na maaaring magdulot ng masasamang epekto sa kalusugan ng tao, kapaligiran, o pareho. Ang mga pollutant sa hangin ay maaaring magmula sa mga natural na source, gaya ng mga wildfire, o mula sa mga aktibidad ng tao, kasama ang mga pang-industriyang proseso, transportasyon, at produksyon ng enerhiya. Kabilang sa mga karaniwang pollutant sa hangin ang particulate matter (PM), ozone, mga nitrogen oxide, sulfur dioxide, nakalalasong nagkokontamina sa hangin, at carbon monoxide.

**Mga Pangunahing Pamantayan sa Proteksiyon ng Manggagawa** – Bilang minimum, pagsunod sa mga pangunahing proteksiyon sa paggawa na may kaugnayan sa: (1) mga batas sa sahod at oras (pagbabayad ng hindi bababa sa naaangkop na minimum na sahod, overtime, at mga kinakailangang pahinga); (2) wastong pag-uuri ng manggagawa (halimbawa, hindi maling pag-uuri ng mga empleyado bilang mga independent na contractor); at (3) mga panuntunan sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho na ipinapatupad ng Pangasiwaan ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Administration,OSHA) at Cal/OSHA. Para sa programang ito, ang mga applicant ay dapat sumunod sa lahat ng naaangkop na batas sa paggawa at tiyakin na ginagawa rin ito ng mga contractor at sub-contractor kapag ang mga proyekto ay may kasamang mga binabayarang manggagawa.

**Co-Applicant** – Isang kwalipikadong organisasyong kasosyo na pinangalanan sa aplikasyon na tumatanggap ng mga sub-award mula sa Lead Applicant at kasamang nagpapatupad ng mga aktibidad ng proyekto bilang bahagi ng isang nakabahaging Istruktura ng Partnership.

**Patakaran sa Pondo mula sa Multa para sa mga Benepisyo ng Komunidad** – Isang patakaran ng Distrito ng Hangin na nagdidirekta ng bahagi ng mga monetaryong multa mula sa mga paglabag sa kalidad ng hangin pabalik sa mga komunidad na napinsala ng mga paglabag na iyon.

**Katarungang Pangkapaligiran** – May dalawang pangunahing uri ng kahulungan ang katarungang pangkapaligiran – ang isang uri ay nagmula sa komunidad ng adbokasiya at ang isa naman ay binuo ng gobyerno, kasama ang Ahensya para sa Proteksiyon ng Kapaligiran ng Estados Unidos. Parehong mahalaga ang dalawang ito sa pag-unawa sa katarungang pangkapaligiran.

Inilalarawan ng Ahensya para sa Proteksiyon ng Kapaligiran ang katarungang pangkapaligiran bilang "ang patas na pakikitungo at makabuluhang pakikibahagi ng lahat ng tao anuman ang kanilang lahi, kulay, pinagmulang bansa, o kita, kaugnay ng paggawa at pagpapatupad ng mga batas, regulasyon, at patakaran sa kapaligiran. Makakamit ang

layuning ito kapag pareho ang proteksiyong natatanggap ng lahat mula sa mga paganib sa kapaligiran at kalusugan, at kapag may patas na access ang lahat sa proseso ng pagpapasya para magkaroon ng malinis na kapaligiran para sa paninirahan, pagkatuto, at pagtatrabaho."

Ayon kay Dr. Bunyan Bryant, na isang iskolar sa katarungang pangkapaligiran, ang katarungang pangkapaligiran "… ay tumutukoy sa mga kasanayan at paniniwala sa kultura, panuntunan, regulasyon, gawi, patakaran, at pasya na sumusuporta ng mga sustainable na komunidad kung saan magagawa ng mga taong makipag-ugnayan sa isa't isa nang may kumpiyansa na ligtas, mapagkalinga, at produktibo. Nagkakaroon ng katarungang pangkapaligiran kapag natutukoy ng mga tao ang kanilang pinakamataas na potensyal … kung saan iginagalang at lubos na pinapahalagahan ang kultural at biological na diversity, at kung saan umiiral ang katarungan sa pamamahagi.

**Mga Uri ng Gawad (Seed, Opportunity, Catalyst)** – Ang Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ay nag-aalok ng tatlong pangunahing antas ng laki ng gawad. Maaaring mag-iba-iba ang mga partikular na range ng dolyar depende sa Panawagan para sa mga Proyekto.

- Mga Seed Grant – Mas maliliit na gawad, kadalasan para sa $100,000–$200,000 at hanggang 2 taon, nakareserba para sa 501(c)(3) mga nonprofit na organisasyon. Hindi nangangailangan ng Co-Applicant.
- Mga Opportunity Grant – Mga gawad na katamtaman ang laki, karaniwang nasa $500,000–$5 milyon at hanggang 3 taon, kung saan ang isang Lead Applicant ay dapat na may kasosyong kahit isang Co-Applicant lang.
- Mga Catalyst Grant – Malalaki at maraming taong gawad, karaniwang nasa $10–$40 milyon at hanggang 5 taon, kung saan ang isang Lead Applicant ay dapat na may kasosyong maraming Co-Applicant para maipatupad ang mga pinagsama-samang proyekto na may makabuluhang benepisyo sa komunidad.

**High-Road na Pag-unlad ng Ekonomiya** – Isang pamamaraan sa pagpapaunlad sa ekonomiya na nagbibigay-diin mga trabahong mataas ang kalidad at sumusuporta sa pamilya; boses ng manggagawa; matatag na mga pamantayan sa paggawa; pakikilahok ng mga lokal at maliit na negosyo; at pagtutugma sa mga layunin sa klima, kalusugan, at pagkakapantay-pantay. Isinasapriyoridad ng Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad (Local Community Benefits Fund, LCBF) ang mga proyektong nagsusulong ng high-road economic development, nagpapanatili ng mga yamang pinansyal sa loob ng rehiyon, at gumagawa ng mga de-kalidad na lokal na trabaho.

**Mga High-Road / De-kalidad na Trabaho** – Mga trabahong nagbibigay ng sahod na sapat para masuportahan ang pamilya; magagandang benepisyo (tulad ng pangangalagang pangkalusugan at pagreretiro); tiyak na mga oras; ligtas na kondisyon sa pagtatrabaho; mga

oportunidad para sa pagsasanay at pag-angat; at makabuluhang boses ng manggagawa, tulad ng representasyon ng unyon o katulad na mga proteksiyon. Sa programang ito, ang mga de-kalidad na trabaho ay ang mga nakakatugon sa mga pamantayang ito at konektado sa pangmatagalang mga landas sa karera sa malinis na ekonomiya, partikular para sa mga residente ng mga apektadong komunidad.

**Indicator** – Isang quantitative o qualitative na data na ginagamit para masubaybayan ang progreso patungo sa isang nasusukat na resulta (halimbawa, bilang ng mga residenteng napaglingkuran, porsyento na nag-uulat ng humusay na pag-unawa, o mga pagninilay ng mga kalahok na naglalarawan ng kanilang mga natutunan).

**Makatarungang Transisyon** – Isang framework na nakasentro sa mga manggagawa at komunidad na naglalayong isulong ang transisyon ng mga komunidad palayo sa mga mapaminsalang epekto ng isang ekonomiyang nakabatay sa fossil fuel tungo sa isang bago at makatarungang ekonomiyang pinapagana ng malinis na enerhiya. Ang bagong ekonomiyang ito ay nakasentro sa pare-parehong layunin ng mga de-kalidad na trabaho, kalusugan ng komunidad, at katatagan ng ekonomiya—na ginagabayan ng pamumuno at pakikilahok ng mga manggagawa at komunidad na pinakaapektado. Ang isang Makatarungang Transisyon ay nangangailangan ng maagap at sinadyang pagpaplano, malalim na pakikilahok, at pagtatatag ng mga panlipunang safety net at iba't ibang pag-unlad ng ekonomiya na nakaugat sa paggawa ng de-kalidad na trabaho para mapagaan ang pagkagambalang sa ekonomiya para sa mga manggagawa at mga munisipalidad na umaasa sa mga trabahong may kaugnayan sa fossil fuel at kita mula sa buwis.

Sa ilalim ng Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad, ang mga proyektong nagsusulong ng estratehiyang "Magbigay ng Katatagan sa Ekonomiya para sa Makatarungang Transisyon" ay dapat:

- Isulong ang high road na pag-unlad ng ekonomiya na tinitiyak ang paglikha ng mga de-kalidad na lokal na trabaho na kapaki-pakinabang sa kapaligiran at pampublikong kalusugan
- Gawing matatag ang ekonomiya sa pamamagitan ng pagpaplano at mga proyektong naghahatid ng mga benepisyo sa kalidad ng hangin at kaugnay na benepisyo sa kalusugan, at makagawa ng mga landas tungo sa malinis na ekonomiya.

BAGONG KAHULUGAN

Ang "Makatarungang Transisyon" ay ang paglipat na nakasentro sa komunidad at manggagawa palayo sa pagdepende sa fossil fuel na:

- Mabawasan ang mga panganib na dulot ng polusyon sa hangin at mapabuti ang pampublikong kalusugan
- Nagsusulong ng high road na pag-unlad ng ekonomiya na tinitiyak ang paglikha ng mga de-kalidad na lokal na trabaho na kapaki-pakinabang sa kapaligiran at pampublikong kalusugan
- Ginagawang matatag ang ekonomiya sa pamamagitan ng pagpaplano at mga proyektong naghahatid ng mga benepisyo sa kalidad ng hangin at kaugnay na benepisyo sa kalusugan, at makagawa ng mga landas tungo sa malinis na ekonomiya

**Lead Applicant** – Ang kwalipikadong organisasyon na nagsusumite ng aplikasyon, humahawak ng Kasunduan sa Gawad, namamahala ng pondo at pag-uulat, nangangasiwa ng mga sub-award sa mga Co-Applicant, at may pangunahing pananagutan sa pagkumpleto ng proyekto.

**Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad** – Ang pondong muling ipinupuhunan ang mga multa at mga kwalipikadong bayad sa pagpapagaan sa mga partikular na komunidad na apektado ng mga paglabag sa kalidad ng hangin, para mabawasan o mapagaan ang polusyon sa hangin, mapabuti ang pampublikong kalusugan, at bumuo ng matatag na ekonomiya para sa isang makatarungang transisyon.

**Nasusukat na Resulta** – Isang partikular at naoobserbahang resulta o pagbabago na nagaganap bilang direktang bunga ng proyekto (halimbawa, pinabuting kalusugan sa paghinga sa lugar ng proyekto, o tumaas na kumpiyansa ng mga residente sa paggamit ng impormasyon sa kalidad ng hangin).

**Plano para sa mga Nasusukat na Resulta** – Ang bahagi ng aplikasyon na pinag-uugnay ang mga nasusukat na resulta, mga indicator, mga milestone, mga gawain, at ang hinihiling na badyet para maipakita kung anong pagbabago ang makakamit ng proyekto at kung paano susubaybayan ang progreso sa buong termino ng gawad.

**Milestone** – Isang mahalagang palatandaan ng progreso sa proyekto, tulad ng isang pangunahing deliverable, event, o natapos na yugto ng gawain (halimbawa, "naisapinal ang curriculum ng workshop sa komunidad" o "natapos at nasuri ang unang pilot na workshop").

**Istruktura ng Partnership** – Ang napagkasunduang framework ng pamamahala at pagpapasya kung paano maghahati ang Lead Applicant at (mga) Co-Applicant sa mga tungkulin, responsibilidad, at pakikipagtulungan sa pamamahala sa gawad, kabilang ang kung paano nagpapasya at kung paano pinapamahalaan ang pondo at mga deliverable.

**Prevailing Wage** – Ang karaniwang orasang sahod, mga benepisyo, at rate ng overtime na itinakda ng Departamento ng Mga Ugnayan sa Industriya ng California (California

Department of Industrial Relations, DIR) para sa bawat hanapbuhay at uri ng trabaho sa isang partikular na lokal na lugar sa mga proyekto ng mga pagawaing bayan. Ang mga contractor sa mga saklaw na paggawaing bayan ay dapat magbayad sa mga manggagawa ng hindi bababa sa umiiral na prevailing wage na ito. Para sa programang ito, ang "katumbas na prevailing wage o mas mataas sa prevailing wage" ay nangangahulugang pagtugon o paglampas sa naaangkop na rate ng DIR para sa kaugnay na industriya at lokalidad kapag ang isang proyekto ay napapailalim sa mga pag-aatas ng pagawaing bayan ng California.

**Programa ng Apprenticeship na Rehistrado sa Estado –** Isang pormal na programang pagsasanay na nakarehistro sa isang State Apprenticeship Agency (tulad ng Dibisyon ng mga Pamantayan sa Apprenticeship ng California) at/o sa Departamento ng Paggawa ng U.S. Pinagsasama ng mga programang ito ang bayad na on-the-job na pagkatuto at kaugnay na pagtuturo sa silid-aralan sa ilalim ng isang inaprubahang plano ng pagsasanay, tumutugon ang mga ito sa mga pamantayan ng apprenticeship, at humahantong ang mga ito sa isang kredensyal na kinikilala sa industriya sa oras ng pagkumpleto.

**Tradisyonal na Kaalaman sa Ekolohiya –** Ang umuunlad at naipong kalipunan ng kaalaman na nakamit ng mga Katutubo at lokal na mamamayan sa loob ng maraming henerasyon sa pamamagitan ng direktang ugnayan sa kapaligiran. Ang kaalamang ito ay partikular sa isang lugar at kinabibilangan ng mga ugnayan sa pagitan ng mga halaman, hayop, tanawin, likas na penomeno, at kundisyon ng kapaligiran.

## APPENDIX C: MGA HALIMBAWA NG MGA KWALIPIKADONG PROYEKTO

Ang listahan ng mga halimbawang kwalipikadong uri ng proyekto ay nilalayong maging paglalarawan lang at hindi kumprehensibo. Kabilang sa mga halimbawa ng mga proyektong kwalipikado para sa pondo ang, ngunit hindi limitado sa:

**Pagtugon sa Polusyon sa Indoor na Hangin:**
*Bawasan ang pagkakalantad sa panloob na polusyon sa hangin sa pamamagitan ng pagpapahusay ng pagsasala at bentilasyon, o sa pamamagitan ng pagbawas ng mga emisyon.*
Mga Halimbawa:

- Mga programang pang-upgrade sa ganap na de-kuryente sa komunidad (kabilang ang mga pilot ng decarbonization ng buong gusali o ayon sa sona) na pinagsasama ang elektripikasyon at mga pagpapahusay sa bentilasyon/pagsasala
- Libreng mga high-efficiency na panlinis ng hangin para sa mga residensyal na gusali
- Mga rebate para sa mga bago o inayos na sistema ng bentilasyon sa mga tirahan (mga kusina at banyo)
- Padaliin ang mga high-efficiency na pag-upgrade sa pagsasala ng hangin sa mga paaralan, aklatan, daycare, mga senior center, o iba pang gusaling madalas puntahan ng publiko
- Magbigay ng mga rebate o insentibo para sa mga residensyal na zero Nitrogen Oxide ( NOx) na appliance (mga heat pump, heat pump water heater, induction stove, at heat pump clothes dryer)
- Magbigay ng karagdagang pondo sa mga kasalukuyang lokal na programa para suportahan ang mga aktibidad na inilarawan sa itaas, tugunan ang mga kakulangan sa saklaw para sa mga sambahayang hindi naaabot ng mga programang may limitasyon sa kita, at magbigay-daan sa mga pagsasagawa ng mga upgrade sa komunidad

**Mga Proyekto sa Kahandaan sa Pagpapabuti sa Kalidad ng Hangin:**
*Mga aksiyon na nagbibigay-daan, sumusuporta, at nagpapahusay sa bisa ng mga proyekto sa kategoryang "Pagtugon sa Polusyon sa Indoor na Hangin" sa itaas.*
Mga Halimbawa:

- Efficiency sa enerhiya ng mga tirahan at/o mga weatherization na pagpapatibay (hal., envelope air sealing at duct sealing at/o pagpapalit)
- Pagpaplanong pinangungunahan ng komunidad, mga pag-aaral sa feasibility, at mga pag-aaral sa disenyo para makabuo at maisakatuparan ang mga kwalipikadong proyekto (kabilang ang elektripikasyon at pagsasala sa komunidad)

- Paggawa ng proyekto at teknikal na tulong para makipag-ugnayan sa mga utility at iba pang programa at para ma-maximize ang leverage at partisipasyon
- Pagpopondo sa mga provider ng serbisyo na maaaring magbigay ng teknikal na tulong na angkop sa kultura para sa alinman sa mga teknolohiya o programang nabanggit sa itaas para sa mga sambahayang labis na apektado
- Pagpopondo sa mga organisasyon sa komunidad para makabuo at makapaghatid ng epektibong outreach at edukasyon kaugnay ng alinman sa mga teknolohiyang nabanggit sa itaas para sa mga sambahayang labis na apektado at mahirap maabot

**Pagsubaybay sa Polusyon sa Hangin:**
*Magpatupad, magpalawak, at/o magpanatili ng bago o dati nang pagsubaybay sa kalidad ng hangin ng komunidad o mga pagsisikap sa pagtatasa ng pagkakalantad.*
Mga Halimbawa:

- Mag-deploy at/o magpanatili ng mga pangmatagalang real-time na network ng air sensor, mga naka-target na proyektong pagsubaybay sa hangin na mas maikli ang tagal, o mga network ng pagsubaybay sa hangin para mapabuti ang pag-unawa sa kalidad ng hangin
- Mga lokal na data system, dashboard, o portal para mapamahalaan at maibahagi ang datos ng pagsubaybay sa hangin ng komunidad at maipabatid ang mga insight sa mga residente
- Mga proyektong sumusuri, nagvi-visualize, o nagpapabatid ng mga insight mula sa dati nang data ng pagsubaybay sa polusyon sa hangin para magbigay ng impormasyon tungkol sa antas ng polusyon sa hangin, pagkakalantad, o mga panganib sa kalusugan
- Pagtatasa ng pagkakalantad gamit ang mga personal na monitor sa hangin at/o mga pamamaraan sa biomonitoring

**Mga Teknolohiya sa Malinis na Enerhiya:**
*Isulong ang lokal na malinis na enerhiya at mga teknolohiya ng malinis na hangin tulad ng solar, hangin, geothermal, pag-iimbak ng enerhiya, at iba pang distributed energy resource, na may diin sa paglikha ng lokal na trabaho at pagsasanay.*
Mga Halimbawa:

- Mga seed na conversion mula manggagawa patungong may-ari ng mga negosyo sa pagmementina o pagkakabit para sa solar
- Gumamit ng mga lokal na provider ng solar para magkabit ng solar sa mga pampublikong gusali
- Mga proyekto para sa katatagan ng malinis na enerhiya sa komunidad (hal., solar + imbakan para sa mga kritikal na pasilidad tulad ng mga paaralan, aklatan, o mga sentrong pangkomunidad)

**Pagbawas sa mga Ambient na Emisyon:**

*Pagandahin ang kalidad ng hangin at kalusugan sa pamamagitan ng pagbawas ng mga emisyon ng mga criteria pollutant o lason sa hangin mula sa mga nakapirming o mobile na pinagmumulan ng polusyon sa hangin.*

Mga Halimbawa:

- Pagbili o pagkabit ng bago at mas malinis na kagamitan
- Pagkakabit ng mga imprastraktura para sa pag-charge ng electric na sasakyan
- Mga programa para sa pagpapalit ng sasakyan at malinis na sasakyan
- Paggawa ng programang bike share
- Mga pagpapabuti sa kaligtasan ng mga bisikleta at pedestrian (hal., Mga Ligtas na Ruta papunta sa Pampublikong Transportasyon/Paaralan) na nakakabawas sa mga biyahe ng sasakyan at pagkakalantad sa polusyon sa hangin na may kaugnayan sa trapiko
- Mga pagpapahusay sa access (hal., mga pagpapahusay sa silungan/hintuan ng bus, mga koneksiyong first/last-mile) na nagpapababa ng mga emisyon at pagkakalantad
- Mga programang pagsesemento ng kalsada para mabawasan ang alikabok sa daan
- Pagbuo ng mga Plano sa Pamamahala ng Trak para mabawasan ang mga emisyon mula sa mga trak at mapagaan ang bigat ng trapiko
- Pagkakabit ng mga sistema ng pag-iimbak ng enerhiya (mga baterya, fuel-cell)

**Urban Greening:**

*Palawakin ang mga green space sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga puno, paglikha ng mga hardin sa komunidad, mga bagong parke, pagbabago ng gamit ng lupa, at mga proyektong may maraming benepisyo. Ang mga proyekto ay dapat idisenyo ayon sa mga naaangkop na pamantayan para sa mga benepisyo sa kalidad ng hangin.*

Mga Halimbawa:

- Magtanim ng mga puno at palumpong bilang bahagi ng mga target na vegetative buffer (hal., sa mga kalsadang matindi ang trapiko o sa hangganan ng mga industriyal at residensiyal na lugar)
- Magtayo ng mga hardin sa komunidad o mga nursery ng halaman sa mga pampubliko o hindi gaanong nagagamit na lupain
- Gawing mga green schoolyard ang mga aspaltong schoolyard
- I-retrofit ang mga kasalukuyang pampublikong pasilidad gamit ang mga may halaman o permeable na mga katangian
- Magtatag ng mga living/green wall at magkakaugnay na imprastruktura sa pamamahala ng stormwater na sumusuporta sa mga greening initiative
- Mga proyektong pagpapanumbalik sa komunidad na nagpapalawak ng green space at nagbibigay ng mga benepisyo sa kalidad ng hangin at pagpapagaan ng init

**Katatagan sa Klima**:
*Maghanda para sa mga epekto ng pagbabago ng klima at suportahan ang kakayahan ng mga komunidad na malampasan, makabangon, at matuto mula sa mga nakaraang sakuna para mapalakas ang pagtugon at pagbangon sa hinaharap.*
Mga Halimbawa:

- Pagpapaunlad ng lakas-paggawa para sa mga programa sa pagpapanatili ng trail
- Mga programa para matulungan ang mga miyembro ng komunidad na bumuo ng mga kahon para sa karagdagang palitan ng hangin na nasala (supplementary air filtered exchange, SAFE)
- Pagpaplano, pagpapaunlad, paglulunsad, o pangangasiwa ng mga cooling center, clean air center, o resilience hub para mabigyan ng higit na kakayahan ang komunidad na malampasan ang matinding init, usok mula sa wildfire, at iba pang epekto ng klima
- Edukasyon sa komunidad, pagpapalaganap ng kaalaman, at mga inisyatiba sa kahandaan sa emergency na nagpapalakas ng katatagan laban sa usok mula sa wildfire, matinding init, at iba pang mga epekto ng kalidad ng hangin na may kaugnayan sa klima

**Pampublikong Kalusugan:**
*Itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan, isulong ang mga pagsisikap sa pag-iwas, at palawakin ang access sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga populasyong higit na apektado ng polusyon sa hangin.*
Mga Halimbawa:

- Mga mobile na klinika para sa hika
- Mga klinika para sa wellness at mga serbisyong nagpapababa ng pagkakalantad sa polusyon sa mga komunidad na katabi ng mga planta o iba pang fenceline neighborhood
- Mga health worker sa komunidad at mga nagsusulong ng mga inisyatiba sa pag-iwas sa hika at edukasyong pangkalusugan at sa mga komunidad na may mababang kita o mga populasyong higit na apektado
- Suportahan ang mga serbisyong pang-angkop sa kalusugan ng tahanan, tulad ng mga pagbisita sa bahay para sa hika, pag-aalis ng amag, at pagkontrol ng peste

**Suporta sa Ekonomiya / Katatagan ng Ekonomiya sa Transisyon:**
*Pagpaplano para sa pagpapatatag ng komunidad at suporta sa mga manggagawa na may kaugnayan sa mga transisyon sa market ng enerhiya palayo sa mga fossil fuel na nagdudulot ng higit na polusyon at patungo sa mga pinagkukunan ng malinis na enerhiya.*
Mga Halimbawa:

- Pagpaplano para sa pagbangon at pagpapaunlad ng ekonomiya na sumusuporta sa paglipat palayo sa mga fossil fuel (kabilang ang pagpaplano para sa sitwasyon at mga estratehiya sa pagpapatatag ng komunidad)
- Mga inisyatiba para isulong ang iba't ibang pag-unlad ng ekonomiya at makaakit ng malinis na teknolohiya, advanced na manufacturing, at iba pang clean and green na industriya, kabilang ang suporta sa maliliit na negosyo, entrepreneurship, at mga innovation hub
- Pagpaplano ng muling pagpapaunlad para sa mga industriyal at maruruming ari-arian, kabilang ang pagsuporta sa muling pagpapaunlad ng mga dating industriyal at brownfield site
- Suporta para sa mga landas sa karera ng mga manggagawang nawalan ng trabaho at lantad sa panganib, kabilang ang panrehiyong edukasyon, pagsasanay, at mga programang apprenticeship
- Mga puwersang tagakilos o konseho para sa pangangasiwa ng komunidad para magabayan ang pagpaplano ng makatarungang transisyon at masubaybayan ang pagpapatupad ng mga proyektong may kaugnayan sa transisyon
- Isama ang mga may bayad na apprenticeship at mga programang pagsasanay para sa mga manggagawang nawalan ng trabaho at lantad sa panganib (kabilang ang mga manggagawang apektado ng mga transisyon ng planta), na tumitiyak sa tuwirang landas patungo sa mga trabaho sa malinis na ekonomiya
- Magbigay ng mga stipend para sa pagsasanay para masuportahan ang paglahok ng mga contractor sa pagkakabit ng Heating, Ventilation, at Air Conditioning (Heating, Ventilation and Air Conditioning, HVAC), solar, at charger ng Electric na Sasakyan (Electric Vehicle, EV), o iba pang programang pagsasanay para sa lakas-paggawa sa malinis na enerhiya

## APPENDIX D: PAG-MAXIMIZE NG MGA RESULTA

Sa pagtukoy ng mga nasusukat na resulta, layunin dapat ng mga aplikasyon na i-maximize ang mga benepisyo ng mga resultang iyon.

Bawasan ang pinsalang dulot ng polusyon sa hangin:

- Nakakalkulang pagbawas ng mga emisyon mula sa mga nakapirmi o nalilipat na pinagmumulan ng polusyon sa hangin
- Nasusukat na pagbawas sa pagkakalantad sa polusyon sa hangin, sa pamamagitan ng mga estratehiya tulad ng pagsasala ng hangin at mga clean air center
- Pagpapakita kung paano tinutugunan ng nakalap na data sa pagsubaybay sa hangin ang isang pangangailangan ng komunidad na hindi natutugunan ng kasalukuyang data, nagbibigay ng higit na pag-unawa sa mga lokal na epekto ng mga emisyon ng polusyon sa hangin, at nagbibigay ng impormasyong kinakailangan para sa mga partikular na hakbang para mabawasan ang mga emisyon o pagkakalantad
- Tugon o paggamot para sa mga kondisyong medikal na nauugnay sa pagkakalantad sa polusyon sa hangin
- Makamit ang mga karagdagang benepisyo mula sa pagbawas ng mga emisyon ng greenhouse gas na nakakaambag sa pagbabago ng klima

I-maximize ang mga benepisyong pang-ekonomiya, tulad ng mga pinansyal na pagtitipid:

- Direktang pinansyal na pagtitipid para sa mga residente, tulad ng sa pamamagitan ng pagtitipid sa singil sa enerhiya
- Pagpapaunlad ng mga programa sa pagpapaunlad ng lakas-paggawa at pagsasanay na may mga landas sa karera para sa mga residente, sa pakikipagtulungan sa mga lokal na lupon ng pagpapaunlad sa lakad-paggawa, mga lupon ng apprenticeship na inaprubahan ng estado, at iba pang pangunahing stakeholder
- Pag-aalis ng mga hadlang at pagbibigay ng suporta para ma-maximize ang paglahok ng maliliit at lokal na pag-aari na negosyo, contractor, at supplier

I-maximize ang paglikha ng mga de-kalidad na trabaho para sa mga proyektong pangkonstruksyon:

Ang mga proyekto ay dapat magbigay ng high road na mga trabaho at maglaan ng mga pangmatagalang oportunidad sa trabaho para sa mga residente. Ang mga proyektong tumatalima sa mga sumusunod na pamantayan sa paggawa ay isasapriyoridad:

- Mga Seed Grant
  - Magbigay ng mga pangunahing pamantayan sa proteksiyon ng manggagawa
  - Pahayag ng responsableng employer na naglalahad ng mga kagawian ng contractor/vendor na naaayon sa matatatag na pamantayan sa paggawa

- Opportunity Grant at Catalyst Grant
    - Sumunod sa umiiral na mga kinakailangan sa sahod (Kodigo sa Paggawa ng California § 1720, at kasunod nito.) para sa lahat ng konstruksyon, pagkakabit, at teknikal na trabaho
    - Magbigay ng access sa magkasanib na pamamahala ng paggawa at mga programang apprenticeship na rehistrado sa estado
    - Bigyang-priyoridad ang pag-recruit ng mga manggagawang natanggal o nanganganib na matanggal sa trabaho mula sa mga planta, at ng mga residente ng mga kwalipikadong komunidad

# APPENDIX E: MGA MAPAGKUKUNAN

## 1. Mga Framework, at Mga Tool sa Screening at Pagpaplano

### 1.1 CalEnviroScreen 4.0 (Tanggapan ng Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan sa Kapaligiran (Office of Environmental Health Hazard Assessment, OEHHA) / Ahensiya sa Proteksiyon ng Kapaligiran ng California (California Environmental Protection Agency, CalEPA)

Ang screening tool ng katarungang pangkapaligiran ng California sa buong estado, na nagbibigay ng marka sa mga saklaw ng senso batay sa pinagsama-samang pasanin sa polusyon at kahinaan ng populasyon.

> *Paano ito makakatulong:* Magagawa ng mga applicant na tukuyin ang mga komunidad na lubhang apektado sa kanilang lugar ng proyekto at gamitin ang mga markang iyon kapag inilalarawan ang pangangailangan ng komunidad at ang pag-ayon nito sa mga layunin ng programa.

### 1.2 Screening Tool para sa Katarungan Kaugnay ng Klima at Ekonomiya (Climate & Economic Justice Screening Tool, CEJST)

Ang screening tool ng White House Justice40 na tumutukoy sa mga "mga komunidad na nakakaranas ng disbentaha" sa antas pederal gamit ang mga indicator ng klima, kapaligiran, kalusugan, at sosyoekonomiko.

> *Paano ito makakatulong*: Maaaring suriin ng mga applicant kung ang lugar ng kanilang proyekto ay itinuturing na "mga komunidad na nakakaranas ng disbentaha" batay sa mga pederal na pamantayan at tandaan ito kapag inilalarawan kung paano umaayon ang kanilang proyekto sa iba pang stream ng pondo at mga priyoridad.

### 1.3 Index ng Malulusog na Lugar (Healthy Places Index, HPI) ng California

Isang tool para sa pagmamapa sa buong estado na pinagsasama ang mga salik sa kalusugan at lipunan sa iisang marka, kasama ang mga indibidwal na indicator (kita, pabahay, edukasyon, access sa pangangalaga, atbp.).

*Paano ito makakatulong:* Maaaring gamitin ng mga applicant ang mga marka ng HPI at mga partikular na indicator para ilarawan ang mga baseline na kondisyon at mga disparidad na may kaugnayan sa kalusugan sa kanilang lugar ng proyekto.

**1.4 Index ng Kahinaan ng Lipunan (Social Vulnerability Index, SVI) ng Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC)**
Isang pambansang index na sumusukat kung paano ang iba't ibang komunidad ay maaaring maging higit o hindi gaanong lantad sa mga external na stress tulad ng mga sakuna o paglaganap ng sakit, gamit ang mga indicator gaya ng kita, pabahay, at transportasyon.

*Paano ito makakatulong:* Maaaring gamitin ng mga applicant ang SVI para maipakita na ang kanilang proyekto ay nakatuon sa mga komunidad na may nakakahigit na panlipunang kahinaan kapag inilalarawan ang pangangailangan para sa katatagan, mga clean air center, o kahandaan sa emergency.

## 2. Mga Mapagkukunan sa Kalidad ng Hangin at Pagsubaybay

**2.1 Bay Air Center – Pangunahing Lugar**
Isang resource hub ng Distrito ng Hangin ng Bay Area na sumusuporta sa mga komunidad at partner na nakatuon sa lokal na pagsubaybay sa hangin at mga proyekto para sa malinis na hangin.

*Paano ito makakatulong:* Ang mga applicant na isinasaalang-alang ang pagsubaybay sa hangin ng komunidad o paggamit ng data sa kalidad ng hangin ay maaaring tumingin sa Bay Air Center para sa teknikal na tulong, mga halimbawang proyekto, at mga materyal sa pagsasanay.

**2.2 Air Sensor Toolbox ng Ahensiya sa Proteksiyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) para sa mga Komunidad**
Isang mapagkukunan ng U.S. EPA na nagbibigay ng gabay sa pagpaplano, pag-deploy, at paggamit ng mga murang air sensor, kabilang ang mga materyal sa pagsasanay at mga tool sa data.

*Paano ito makakatulong:* Maaaring gamitin ng mga applicant na nagmumungkahi ng mga proyektong gumagamit ng air sensor ang toolbox na ito para pumili ng angkop na kagamitan, magdisenyo ng mga plano sa pagsubaybay, at ilarawan kung paano nila bibigyang-kahulugan at ibabahagi ang data.

**2.3 AirNow at System para sa Kalidad ng Hangin (Air Quality System, AQS) – Mga Tool para sa Data sa Kalidad ng Hangin ng EPA**
Nagbibigayang AirNow ng real-time na AQI at mga kamakailang kondisyon ng kalidad ng hangin, habang nabibigay naman ang AQS ng access sa data ng panregulatoryong pagsubaybay sa loob ng mas mahabang panahon.

*Paano ito makakatulong:* Maaaring gamitin ng mga applicant ang AirNow para maipakita ang karaniwan o kamakailang mga pattern ng usok o polusyon, at ang AQS para mailarawan trend sa kalidad ng hangin sa loob ng mas mahabang termino na nakaaapekto sa kanilang mga komunidad.

## 3. Mga Data at Indicator ng Pampublikong Kalusugan

### 3.1 Pambansang Network ng Pagsubaybay sa Pampublikong Kalusugan para sa Kapaligiran ng CDC

Isang online platform na pinagsasama-sama ang data sa kapaligiran, kalusugan, at populasyon (halimbawa, hika, sakit sa puso, init, kalidad ng hangin) sa iba't ibang heograpikal na antas.

*Paano ito makakatulong:* Maaaring gamitin ng mga applicant ang Network ng Pagsubaybay para matukoy ang mga kaugnay na indicator ng kalusugan at mailarawan kung paano nakakaapekto ang polusyon sa hangin at mga kaugnay na stressor sa kanilang mga komunidad.

### 3.2 Pagsubaybay sa Kalusugan ng Kapaligiran ng California – Pagsubaybay sa California / Programang Pagsubaybay sa Kalusugan ng Kapaligiran ng California (California Environmental Health Tracking Program, CEHTP)

Isang programang nakatuon sa California na nagbibigay ng mga mapa, data, at tool sa mga paksang kalusugan ng kapaligiran at mga panlipunang salik na nakakaapekto sa kalusugan.

*Paano ito makakatulong:* Maaaring gamitin ng mga applicant na nakabase sa California ang Pagsubaybay sa California para ma-access ang data at mga case study na partikular sa estado kapag inilalarawan ang mga epekto sa kalusugan, pangangailangan ng komunidad, at mga potensyal na resulta.

## 4. Urban Greening at Katatagan sa Klima

### 4.1 Programang Urban Greening ng California (California Urban Greening Program, CNRA)

Pinopondohan ng Programang Urban Greening ng California ang mga proyektong urban greening at mga proyekto para sa katatagan sa klima tulad ng pagtatanim ng puno, mga greenway, pagpapanumbalik ng tirahan, at mga pagpapabuti sa parke. Ang mga mapa at listahan ng proyekto ng programa ay nagbibigay ng mga konkretong halimbawa ng mga pinondohan na proyekto, mga partnership, at mga karagdagang benepisyo ng komunidad.

*Paano ito makakatulong:* Maaaring gamitin ng mga applicant ang mga halimbawa ng pinondohang proyekto para gabayan ang disenyo ng proyekto, tukuyin ang mga posibleng partnership, at ipakita ang mga karagdagang benepisyo tulad ng lilim, pagbawas ng init, pinahusay na kalidad ng hangin, at katatagan ng komunidad.

**4.2 Green na Imprastraktura at Mga Toolkit para sa Katatagan sa Klima**

Ang mga piniling toolkit na ito—kabilang ang mga mapagkukunan na Toolkit para sa Katatagan sa Klima ng U.S. at Green na Imprastraktura ng EPA —ay nag-aalok ng step-by-step na gabay sa pagpaplano, pagdidisenyo, at pagpapatupad ng mga proyekto tulad ng lilim ng mga puno, mga hardin para sa ulan, mga bioswale, at iba pang estratehiya sa urban-greening.

*Paano ito makakatulong:* Ang mga mapagkukunang ito ay lalong nakakatulong para sa mga applicant na bago sa mga proyektong greening o heat-resilience na nangangailangan ng praktikal na gabay sa pagpaplano ng proyekto, mga hakbang sa disenyo, mga konsiderasyon sa pagpapatupad, at mga potensyal na benepisyo ng komunidad.

### 4.3 Mga i-Tree Tool (Serbisyo sa Kagubatan ng Departamento ng Agrikultura ng Estados Unidos (United States Department of Agriculture, USDA))

Ang i-Tree ay isang libreng hanay ng mga tool na tinatantya kung paano ang mga kasalukuyan o bagong tanim na puno ay maaaring magpababa ng init, magpabuti ng kalidad ng hangin, mag-imbak ng karbon, at maghatid ng iba pang benepisyong pangkapaligiran at pangkomunidad. Nagbibigay ito ng mga opsyon sa pagmomodelo na madaling ma-access para sa mga team ng proyekto na may teknikal na kasosyo man o wala.

*Paano ito makakatulong:* Ang mga applicant na nagmumungkahi ng mga proyektong pagtatanim ng puno o urban forest ay maaaring gumamit ng i-Tree para mailarawan at masukat ang mga inaasahang benepisyo—tulad ng nabawasan pagkakalantad sa init, mga pagpapabuti sa kalidad ng hangin, o pagdami ng lilim—sa kanilang Plano para sa mga Nasusukat na Resulta.

## 5. Mga Modelo ng Teknikal na Tulong at Programa

### 5.1 Mga Center ng Teknikal na Tulong para sa Mauunlad na Komunidad (Thriving Communities Technical Assistance Centers, TCTACs) ng EPA

Mga sentrong pinopondohan ng EPA na nagbibigay ng libreng teknikal na tulong, pagsasanay, at suporta sa pagpapaunlad ng kakayahan para sa mga organisasyon sa komunidad, mga tribo, at mga lokal na gobyerno.

*Paano ito makakatulong:* Ang mga applicant na nangangailangan ng tulong sa pagbuo ng gawad, disenyo ng proyekto, mga estratehiya sa pakikipag-ugnayan, o interpretasyon sa data ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang panrehiyong TCTAC para sa suporta.

### 5.2 Mga Komunidad na Nagpapabago ng Klima (Transformative Climate Communities, TCC) – Konseho ng Strategic na Pag-unlad

Isang pangunahing programa ng California na nagpopondo ng malalaki at pinangungunahan ng komunidad na mga proyektong pangklima at katatagan sa mga komunidad na lubhang nahihirapan.

> *Paano ito makakatulong:* Maaaring tingnan ng mga applicant ang mga halimbawa ng proyekto ng TCC para sa mga ideya kung paano buuin ang mga proyektong may maraming partner, ilarawan ang mga karagdagang benepisyo, at balangkasin ang mga nasusukat na resulta para sa mga pamumuhunang nakabatay sa lugar.

## 6. Katatagan ng Ekonomiya at Makatarungang Transisyon

### 6.1 UC Berkeley Labor Center – Programang Green Economy

Ang Programang Green Economy ng Labor Center ay nagbibigay ng pananaliksik at teknikal na tulong sa mga estratehiya sa lakas-paggawa na kinakailangan para mapalago ang isang patas na ekonomiyang gumagamit ng malinis na enerhiya. Nag-aalok sila ng libreng suporta sa mga employer, tagagawa ng patakaran, at stakeholder ng komunidad para magdisenyo ng mga high road na proyekto at partnership sa California at iba pang lugar.

> *Paano ito makakatulong:* Maaaring gamitin ng mga applicant na nagmumungkahi ng mga elemento ng lakas-paggawa, katatagang pang-ekonomiya, o makatarungang transisyon ang programang ito bilang mapagkukunan para sa mga pamantayan sa high-road na lakas-paggawa at mga estratehiya sa makatarungang transisyon.

### 6.2 Mga Partnership para sa High Road na Pagsasanay (High Road Training Partnerships, HRTP) – Lupon ng Pagpapaunlad sa Lakas-paggawa ng California

Ang Mga Partnership sa High Road na Pagsasanay (HRTP) ay isang pangunahing inisyatiba ng Lupon ng Pagpapaunlad sa Lakas-paggawa ng California na nagpopondo at sumusuporta sa mga sektoral na partnership na pinangungunahan ng industriya at nakasentro sa manggagawa. Pinagsasama ng mga proyekto ng HRTP ang mga employer, unyon, mga organisasyong pangkomunidad, at mga tagapagbigay ng pagsasanay para gumawa ng mga de-kalidad na trabaho, isulong ang pagkakapantay-pantay, at suportahan ang isang mababang karbon at inklusibong ekonomiya.

> *Paano ito makakatulong:* Maaaring gamitin ng mga applicant na nagdidisenyo ng mga sangkap ng lakas-paggawa—lalo na sa mga sektor tulad ng malinis na enerhiya, decarbonization ng gusali, transportasyon, o transisyon ng industriya—ang modelo ng HRTP para buuin ang kanilang mga partnership at estratehiya sa pagsasanay at kung gusto nila, maaari silang umayon o makipagtulungan sa mga kasalukuyang inisyatiba ng HRTP sa kanilang rehiyon.

### 6.3 Mga Trabaho para sa Hinaharap (Jobs for the Future, JFF) – "Pagsasanay sa Lakas-Paggawa sa Klima sa Hinaharap"

Pambansang ulat na sumusuri sa mga solusyon sa lakas-paggawa na may kaugnayan sa klima at mga modelo ng programa, na may diin sa mga de-kalidad na trabaho at pagkakapantay-pantay.

> *Paano ito makakatulong:* Ang mga applicant na nagdidisenyo ng mga bahagi ng lakas-paggawa o pagsasanay ay maaaring gumamit ng ulat na ito para sa mga nasubukang disenyo ng programa, mga target na trabaho, at mga pamamaraan ng partnership na maaaring iakma sa mga proyektong nasa saklaw ng LCBF.

### 6.4 Sona para sa Green Empowerment (Green Empowerment Zone, GEZ) – Mga County ng Contra Costa at Solano

Ang Sona para sa Green Empowerment (GEZ) ay isang panrehiyong inisyatiba na nakatuon sa pagpapalago ng paggawa ng malinis na enerhiya at mga kaugnay na industriya sa County ng Contra Costa at ilang bahagi ng County ng Solano. Ginagamit nito ang may lubos na mahusay na kasanayang lakas-paggawa sa enerhiya ng rehiyon at ang strategic na lokasyon nito para makaakit ng pamumuhunan, mga insentibo sa buwis, mga gawad, at pagsasanay sa lakas-paggawa na umaayon sa isang high road na ekonomiya ng malinis na enerhiya.

> *Paano ito makakatulong:* Ang mga applicant na nagmumungkahi ng mga proyekto sa Contra Costa/Solano ay maaaring banggitin ang GEZ bilang bahagi ng mas malawak na konteksto ng transisyon ng ekonomiya—lalo na para sa mga proyektong may kaugnayan sa malinis na pagmamanupaktura, pagsasanay sa lakas-paggawa, o industriyal na decarbonization.

### 6.5 Pangkapaligirang Network sa Asian Pacific (Asian Pacific Environmental Network, APEN) at Mga Komunidad para sa Mas Magandang Kapaligiran (Communities for a Better Environment, CBE) – "Bago ang Huling Patak: Pagpaplano para sa Makatarungang Transisyon sa Planta ng Phillips 66"

Ulat na pinangungunahan ng komunidad na nagdodokumento ng mga proseso at framework ng pagpaplano na may kaugnayan sa pagsasara ng planta, pagreremedyo ng site, pagpaplano ng muling pagpapaunlad, at mga estratehiya sa makatarungang transisyon, na may diin sa katatagan ng ekonomiya at mga priyoridad ng komunidad.

> *Paano ito makakatulong: Maaaring gamitin ng mga applicant na nagmumungkahi ng mga bahagi ng katatagan ng ekonomiya, makatarungang transisyon, o pagpaplano ng muling pagpapaunlad, partikular sa mga komunidad na apektado ng mga pagsasara ng planta o iba pang transisyon sa imprastruktura ng fossil fuel, ang ulat na ito bilang sanggunian para sa mga pamamaraan sa pagpaplanong nakasentro sa komunidad at mga framework ng transisyon.*